# 2

# Araling Panlipunan

## Kagamitan ng Mag-aaral

## Tagalog

Ang kagamitan sa pagtuturong ito ay magkatuwang na inihanda at sinuri ng mga edukador mula sa mga publiko at pribadong paaralan, kolehiyo, at / o unibersidad. Hinihikayat namin ang mga guro at ibang nasa larangan ng edukasyon na mag-email ng kanilang puna at mungkahi sa Kagawaran ng Edukasyon sa action@deped.gov.ph.

**Kagawaran ng Edukasyon**
**Republika ng Pilipinas**

Araling Panlipunan 2 – Ikalawang Baitang
**Kagamitan ng Mag-aaral**
**Unang Edisyon, 2013**
**ISBN: 978-971-9601-32-6**

**Paunawa hinggil sa karapatang-sipi**. Isinasaad ng Seksiyon 176 ng Batas Pambansa Bilang 8293: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa ano mang akda ng Pamahalaan ng Pilipinas. Gayon pa man, kailangan muna ang pahintulot ng pamahalaan o tanggapan kung saan ginawa ang isang akda upang magamit sa pagkakakitaan ang nasabing akda. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang patawan ng bayad na *royalty* bilang kondisyon.

Ang mga akda / materyales (mga kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand names*, tatak o *trademarks*, atbp.) na ginamit sa aklat na ito ay sa nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsikapang mahanap at mahingi ang pahintulot ng mga may karapatang-ari upang magamit ang mga akdang ito. Hindi inaangkin ni kinakatawan ng mga tagapaglathala (*publisher*) at may-akda ang karapatang-aring iyon.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Br. Armin A. Luistro FSC
Pangalawang Kalihim: Yolanda S. Quijano, Ph.D.

**Mga Bumuo ng Kagamitan ng Mag-aaral**

| | |
|---|---|
| Consultant: | **Zenaida E. Espino** |
| Koordinator: | **Gloria M. Cruz** |
| Mga Manunulat: | **Gloria M. Cruz, Charity A. Capunitan<br>Emelita C. dela Rosa, Leo F. Arrobang** |
| Tagasuri: | **Lerma V. Janda** |
| Naglayout: | **Esmeraldo G. Lalo<br>Ma. Theresa M. Castro** |
| Tagaguhit: | **Romulo O. Manoos** |

Inilimbag sa Pilipinas ng _____________

**Department of Eduction-Instructional Materials Council Secretariat (DepEd-IMCS)**
Office Address: 2nd Floor Dorm G, PSC Complex
Meralco Avenue, Pasig City
Philippines 1600
Telefax: (02) 634-1054 or 634-1072
E-mail Address: imcsetd@yahoo.com

# Mga Nilalaman

**Unang Yunit: Ang Aking Komunidad**

**Modyul 1: Ang Komunidad? ........................ 3**

Aralin 1.1. Ano ang Komunidad .............. 5
Aralin 1.2. Gawain at Tungkulin ng mga Bumubuo ng Komunidad ...................... 13

Aralin 1.3. Larawan ng Aking Komnidad . 26

Aralin 1.4. Komunidad ko, Mahal ko ........ 31

**Modyul 2: Iba-Ibang Larawan ng Komunidad ................................................ 37**

Aralin 2.1. Komunidad ko, Kikilalanin Ko 39
Aralin 2.2. Mga Sagisag at Simbolo Sa Aking Komunidad .................................. 45

Aralin 2.3. Komunidad Ko, Ilalarawan Ko 52

**Unang Markahang Pagsusulit** 58

**Ikalawang Yunit: Kapaligiran, Pinagmulan At Pamumuhay sa Komunidad**

**Modyul 3: Ang Kapaligiran ng Aking Komunidad ................................................ 67**

Aralin 3.1. Payak na Mapa ng Aking Komunidad ............................................ 69

Aralin 3.2. Ang Katangiang Pisikal ng Aking Komunidad .................................. 77
Aralin 3.3. Kapaligiran at Uri ng Panahon sa Aking Komunidad ............................. 87
Aralin 3.4. Pagbabago sa Kapaligiran ng Aking Komunidad .................................. 94
**Modyul 4 : Pinagmulan ng Aking Komunidad at Pamumuhay Dito ..............** 99
Aralin 4.1. Ang Pinagmulan ng Aking Komunidad ............................................. 102
Aralin 4.2. Mga Pagdiriwang sa Aking Komunidad ............................................. 109
Aralin 4.3. Mga Pagbabago sa Aking Komunidad ........................................... 118
Aralin 4.4. Mga Nananatili sa Aking Komunidad ............................................ 127

**Ikalawang Markahang Pagsusulit** 137

**Ikatlong Yunit: BUHAY KOMUNIDAD: Hanapbuhay at Pamumuno**
**Modyul 5: Mga Hanapbuhay sa Komunidad ..............................................** 143
Aralin 5.1. Mga Likas na Yaman sa Aking Komunidad ............................................ 146
Aralin 5.2. Mga Hanapbuhay sa Aking Komunidad ............................................ 152
Aralin 5.3. Mga Produkto sa Aking Komunidad ............................................. 162
Aralin 5.4. Ang Pamumuhay sa Komunidad ............................................. 169

**Modyul 6: Pinuno at Pamumuno sa Komunidad ............................................... 177**
Aralin 6.1. Pinuno at Pamumuno sa Komunidad ............................................ 179

Aralin 6.2. Paglilingkod sa Komunidad ..... 187
Aralin 6.3. Epekto ng Pamumunonat Paglilingkod sa Komunidad .................. 196

**Ikatlong Markahang Pagsusulit ....................** 204

**Ikaapat na Yunit: Pagiging Bahagi ng Komunidad**
**Modyul 7: Ang Kahalagahan ng Serbisyo sa Komunidad ...........................................** 213

Aralin 7.1. Mga Serbisyo sa Komunidad 215
Aralin 7.2. Mga Karapatan ko sa Aking Komunidad ............................................ 222
**Modyul 8: Ang Aking Papel sa Aking Komunidad ...............................................** 235
Aralin 8.1 Tungkulin Ko sa Aking Komunidad ............................................ 237
Aralin 8.2. Mga Alituntunin sa Aking Komunidad ............................................ 245
Aralin 8.3. Pagtutulungan sa Aking Komunidad ............................................ 253
Aralin 8.4 Ang Pangarap Kong Komunidad ............................................ 261

**Ikaapat na Markahang Pagsusulit** 269



# Unang Yunit

# Ang Aking Komunidad




Sa yunit na ito ay tatalakayin ang kamalayan at pag-unawa sa konsepto ng komunidad at pagpapahalaga sa mga bumubuo nito.


Ito ay nahahati sa dalawang (2) modyul:
Modyul 1 – Ang Komunidad
Modyul 2 – Iba-ibang Larawan ng Aking Komunidad

Inaasahan na maipamamalas ng mag-aaral ang sumusunod:

- pag-unawasa konsepto ng komunidad;
- pagtukoy at paglalarawan sa mga bumubuo ng komunidad tulad ng:pamilya, paaralan, barangay, simbahan, pamilihan, sentrong pangkalusuganat iba pa; at
- pagtukoy sa batayang impormasyon tungkol sa komunidad tulad ng: pangalan ng lugar, dami ng tao, pinuno, wikang sinasalita, mga grupong etnikoat iba pa.

Modyul 1

# Ang Komunidad






Sa modyul na ito ay tatalakayin ang kamalayan at pag-unawa sa kahulugan ng komunidad, bumubuo dito at mga batayang impormasyon nito.

Ito ay nahahati sa apat na (4) aralin:

Aralin 1: Ano Ang Komunidad?
Aralin 2: Ang Bumubuo ng Komunidad
Aralin 3: Larawan ng Aking Komunidad
Aralin 4: Kahalagahan ng Komunidad

Sa modyul na ito, inaasahang maipamamalas ng mag-aaral ang:

1. pag-unawa sa kahulugan ng komunidad,
2. pagtukoy sa bumubuo ng komunidad at ang papel at tungkulin ng bawat isa,
3. paglalarawan sa kinabibilangang komunidad ayon sa mga batayang impormasyon at kinalalagyan,
4. pagpapahalaga sa kinabibilangang komunidad.




# Ano ang Komunidad?

Mahalagang malaman at maunawaan mo ang kahulugan ng komunidad. Marapat na kilalanin ang mga bumubuo at uri ng komunidad upang higit na maunawaan ang kahulugan nito.

Sa araling ito, ang mag-aaral ay inaasahang:


1. mabibigyangkahulugan ang komunidad;
2. matutukoy ang mga bumubuo ng komunidad; at
3. masasabi ang kinaroroonan ng komunidad.




**Ano ang komunidad?**

**Basahin:**


Ito ang halimbawa ng isang komunidad.



Maaaring ito ay matatagpuan sa:




kapatagan




kabundukan




tabing dagat/lawa



talampas




industriyal





lungsod


Ang komunidad ay binubuo ng paaralan, pamilihan, sambahan, pook libangan, sentrong pangkalusugan at mga panahanan na tulad ng nasa larawan. Mayroon din namang mga komunidad hindi lahat makikita ang mga ito.













**Sagutin:**

1. Ano angiyong nakikita salarawan ng komunidad?
2. Saan maaaring matatagpuan ang isang komunidad ?
3. Ano-ano ang bumubuo sa isang komunidad?
4. Ganito rin ba ang makikita sa iyong komunidad?
5. Magkakapareho ba ang mga komunidad? Paano sila nagkakapareho o nagkakaiba?
6. Ano ang kahulugan ng komunidad




**A. Iguhit sa papel ang bumubuo sa iyong komunidad.Kulayan.**

**B. Kulayan ang larawan na katulad ng kinaroroonan ng iyong komunidad.**




kabundukan




kapatagan o sakahan




lungsod



Ilog



talampas



industriyal

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| tao | pook | kalikasan | pisikal | tahanan |

Ang komunidad ay binubuo ng pangkat ng mga

na namumuhay at nakikisalamuha sa

isa't isa at naninirahan sa isang

na magkatulad ang kapaligiran at kalagayang




Nasa kahon sa ibaba ang ilang mahahalagang kaisipan mula sa araling ito. Basahin at tandaan.

- ✓ Ang komunidad ay binubuo ng pangkat ng mga tao na naninirahan sa isang pook na magkatulad ang kapaligiran at pisikal na kalagayan
- ✓ Ang komunidad ay binubuo ng pamilya, paaralan, pamahalaan, simbahan, sentrong pangkalusugan, pook libangan at pamilihan.
- ✓ Maaaring matagpuan sa tabing dagat o ilog, kapatagan, kabundukan, lungsod o bayan ang isang komunidad.

## Natutuhan Ko

**Buuin ang usapan. Isulat ang sagot sa papel.**

*Ano ang kahulugan mo ng komunidad?*

Ang komunidad ay binubuo ng mga____________
_________________
_________________



Ang kinaroroonan ng isang komunidad ay maaaring nasa____________
________________
________________
________________
________________

*Ang uri ng pamumuhay sa komunidad ay naayon sa kanyang kapaligiran.*




# Gawain at Tungkulin ng mga Bumubuo ng Komunidad

Sa katatapos na aralin, nagkaroon ka ng batayang kaalaman tungkol sa katangian ng iba-ibang uri ng komunidad. Nalaman mo rin ang mga bumubuo rito.

Sa araling ito, tatalakayin ang gawain at tungkulin ng mga bumubuo sa komunidad. Masusing pag-aaralan ang mga bahaging ito upang higit na maunawaan ang kinabibilangang komunidad.

Sa araling ito, ang mag-aaral ay inaasahang:

1. mailalarawan ang gawain at tungkulin ng mga bumubuo ng komunidad; at
2. maiuugnay ang tungkulin at gawain ng mga bumubuo ng komunidad sa sarili at sa pamilya.




Alam mo ba kung ano ang gawain at tungkulin ng mga bumubuo ng komunidad?


**Basahin:**

**DOON PO SA AMIN**


Gusto mo bang makita ang aking komunidad? Halika, ipapasyal kita!




Ito ang aking **tahanan**. Dito nakatira ang aking pamilya. Masaya kaming naninirahan dito.



Sa silangan ng palaruan, makikita ang aming **paaralan**. Dito hinuhubog ang kaisipan tungo sa pag-unlad. Maraming nag-aaral dito. Muhusay mamuno ang aming prinsipal. Magagaling ang mga guro rito.






Sa pinakasentro ng komunidad, makikita ang aming **sambahan**. Dito sama-samang nanalangin ang mga tao. Ito rin ang namumuno sa mga pagdiriwang na panrelihiyon. May iba-ibang simbahan na matatagpuan sa aming komunidad. Ang bawat sekta ng relihiyon ay may kaniya-kaniyang simbahan. May pagkakaisa ang lahatkahit na magkakaiba ang relihiyon at paniniwala.




Ito ang **aming pook-libangan**. Dito kami naglalaro tuwing araw ng Linggo. Dahil sa palaruang ito, nabuo ang magandang pagsasamahan ng bawat isa. Dito ginaganap ang mga palabas at programa ng aming komunidad.



Sa kanluran ng paaralan ay ang **health center**. Sa health center pumupunta ang mga tao upang magpakonsulta ng kanilang mga karamdaman. Ang health center din ang nangangalaga sa kalusugan ng mamamayan. Nagbibigay ito ng libreng bakuna. Namamahagi din ng mga gamot sa mga naninirahan.



Ang **bahay-pamahalaan** naman ang namamahala sa kaayusan, katahimikan at kapayapaan ng aming komunidad. Sa pamumuno ng Kapitan kasama ang mga Kagawad, ipinatutupad nila ang mga batas.




Ito ang aming **pamilihan**. Dito kami namimili ng pangunahing pangangailangan.

**Sagutin:**


1. Ano-ano ang inilarawang gusali at lugar na bumubuo sa komunidad?
2. Ano ang gawain na ginagampanan ng bawat bumubuo ng komunidad?
3. Ano-ano ang bumubuo ng iyong kinabibilangang komunidad? Ilarawan ang bawat isa.
4. Ano ang nagagawa ng mga bumubuo ng komunidad sa iyong sarili at sa pamilya? Ipaliwanag ang sagot.




A. Iguhit sa kaliwang bituin ang salitang naglalarawan sa gawain na ginagampanan ng health center at sa kanang bituin ang tungkulin nito. Isulat ang mga sagot sa papel.



1. Ilarawan ang pook libangan na matatagpuan sa inyong komunidad.
2. Isulat sa bilog ang gawain na ginagampanan ng pook- libangan sa komunidad.
3. Isulat sa tatsulok ang tungkulin ng pook libangan sa inyong komunidad.



**Sundin ang isinasaad ng panutong nakasulat sa loob ng kahon.**

| | | |
|---|---|---|
| | | |
| Sumulat ng salitang naglalarawan sa gawain ng sambahan | Iguhit ang larawan ng sambahan ng iyong komunidad | Sumulat ng salitang naglalarawan sa tungkulin ng sambahan |


**B. Gumupit ng mga larawan na nagpapakita ng paglalarawan sa papel at tungkulin ng Pamahalaang Barangay. Idikit sa angkop na kahon.**


| Gawain | Tungkulin |
|---|---|
| | |




**C. Iugnay ang larawan na nasa Hanay A sa estruktura ng komunidad na tinutukoy sa Hanay B. Isulat ang letra ng tamang sagot sa papel.**


1. 

A. 

2. 


B. 

3. 

C. 


4. 

D. 

5. 

E. 




Ang mga bumubuo ng komunidad ay may kani-kaniyang gawain at tungkuling ginagampanan. Kailangan ito upang matugunan ang pangangailangan ng mga naninirahan sa komunidad.

| Bumubuo ng Komunidad | Tungkulin | Gawain |
|---|---|---|
| Pamilya | Itaguyod ang pangangailangan ng mga anak | Bigyan ng wasto at sapat na pagkain, tirahan at pananamit |
| Paaralan | Pagbibigay ng dekalidad na edukasyon para sa lahat | Pagtuturo ng wastong pag-uugali at mga gawain |
| Simbahan | Magpahayag ng mga salita ng Diyos | Nangangaral at nagtuturo ng mabuting asal sa mga bata |



| | | |
|---|---|---|
| Pamahalaan | Gumawa ng batas, alituntunin at patakaran para sa kabutihan at kaunlaran ng komunidad | Hinuhuli ang mga kriminal at pinananatili ang kaayusan at kapayapaan sa lugar |
| Health Center o Ospital | Nagtataguyod ng serbisyong pangkalusugan | Nagbibigay ng libreng gamot at bakuna sa mga mamamayan |
| Pook-Libangan | Pinagdarausan ng mga pagtitipon, pagdiriwang at programa ng komunidad | Panatilihin ang kaligtasan, kalinisan at kaayusan ng lugar at mga kagamitan |
| Pamilihan | Tugunan ang pangunahing pangangailangan ng mga tao tulad ng pagkain, damit, at iba pa. | Magtinda ng pangunahing pangangaila-ngan sa presyong kaya ng mga tao |




**A. Hanapin sa Hanay B ang tinutukoy sa Hanay A. Isulat ang letra ng tamang sagot sa papel.**

**A**

____ 1. Palaruan

____ 2. Paaralan

____ 3. Sentrong

____ 4. Simbahan/ Mosque

____ 5. Barangay

____ 6. Pamilihan

**B**

A. Dito pumupunta ang mga tao upang magpakunsulta.

B. Dito nagtitipon ang mga tao upang magbigay ng papuri sa Diyos.

C. Dito namimili ang mga tao ng Kanilang mga pangangailangan

D. Isang bahagi ng komunidad na pinamumunuan ng Kapitan

E. Dito hinuhubog ang kaalaman ng mga kabataan/ mamamayan tungo sa pag-unlad

F. Dito nagsasama-sama ang mga tao upang maglibang




# Larawan ng Aking Komunidad

Ang paglalarawan ng komunidad ay hindi lamang nakabatay sa mga bumubuo nito. Dapat na alam at nauunawaan ng mga kasapi ang kabuuan nito. Ito ang tatalakayin sa araling ito.

Sa araling ito, ang mag-aaral ay inaasahang:

1. mailalarawan ang kabuuan ng kinabibilangang komunidad; at

2. matutukoy ang pagkakatulad at pagkakaiba ng mga komunidad.




Paano mo ilalarawan ang kabuuan ng kinabibilangan mong komunidad?

**Basahin at bigkasin ang tula.**

**Larawan ng Aking Komunidad**

Komunidad ko'y nasa tabing dagat
Maraming turistang dito'y naghahangad
Magandang dalampasigan na nanghihikayat
Na damhin ang hanging malamig sa balat.





Sa aming tahanan malapit ang paaralan
kung saan nag-aaral maraming
kabataan
sa dakong silangan nando'n ang
sambahan
na siyang dalanginan ng mga
mamamayan.

Sa gawing kanluran, may sentrong
pangkalusugan
may doktor at narses na
nagtutulungan
upang mapanatiling maayos ang
kalusugan
nang lahat ng taong dito'y
nananahan.



**Sagutin:**

1. Saan matatagpuan ang komunidad na inilarawan sa tula?
2. Ano-ano ang bawat bumubuo sa komunidad na inilarawan sa tula?
3. Sa kanyang paglalarawan, ano ang mga katangian ng kanyang komunidad? Ipaliwanag ang sagot.
4. Kung ikaw, ang tatanungin, paano mo ilalarawan ang iyong komunidad?




**A. Isagawa ang sumusunod.**

1. Iguhit sa papel ang lugar ng kinaroroonan ng iyong komunidad.
2. Ibahagi sa kamag-aralang iginuhit na komunidad .
3. Paghambingin.
4. Tukuyin ang pagkakapareho o pagkakaiba ng inyong komunidad.

**B. Isagawa ang sumusunod.**

1. Iguhit sa papel ang mga bagay at estruktura na makikita sa iyong komunidad.
2. Ibahagi sa kamag-aral ang iginuhit na komunidad.
3. Paghambingin.
4. Tukuyin ang mga bagay at estruktura na may pagkakatulad at pagkakaiba sa mga kamag-aral.

**C. Sumulat sa papel ng isang pangungusap tungkol sa iyong komunidad.**

## Tandaan Mo

Ang kabuuan ng kinabibilangang komunidad ay mailalarawan ayon sa kapaligiran ng kinaroroonan nito. May pagkakatulad at pagkakaiba ang mga komunidad sa kapaligirang pisikal at sa mga bumubuo nito.

## Natutuhan Ko

1. Bumuo ng larawang mapa ng iyong komunidad sa isang papel.
2. Gamitin ang mga iginuhit na larawan sa "Gawin Mo."




# Komunidad ko, Mahal ko!

Sa nakaraang mga aralin, tinalakay ang kahulugan ng komunidad. Pinag-usapan ang mga bumubuo at kinalalagyan nito. Ang pinakamahalaga ay nailarawan mo ang iyong kinabibilangang komunidad.

Sa aralingito, ang mag-aaral ay inaasahang:

1. matutukoy ang kahalagahan ng komunidad;
2. maipaliliwanag ang kahalagahan ng komunidad sa pamumuhay ng tao; at
3. maipagmamalaki na ang bawat bata ay may kinabibilangang komunidad.





Ikaw ba ay kabilang sa isang komunidad? Pinahahalagahan mo ba ang iyong komunidad?

Bakit mahalaga ang komunidad?

**Basahin.**

## Ang Aking Munting Komunidad



Ito ang aking munting komunidad. Dito ako naninirahan kasama ng aking pamilya. Nagtutulungan ang bawat isa at ginagampanan ang tungkulin para sa ikauunlad ng komunidad.


Mahalaga ang ginagampanan ng aking munting komunidad sa paghubog ng aking pagkatao. Malaki rin ang naitutulong ng tahimik na kapaligiran nito. Nabubuhay kami nang maayos at masagana ayon sa uri ng hanapbuhay na mayroon sa paligid ang aming komunidad.

**Sagutin:**

1. Ano ang katangian ng komunidad na binanggit sa talata?
2. Ano-ano ang kahalagahan ng komunidad batay sa salaysay ng bata?
3. Ano ang maibabahagi mo sa iyong komunidad? Paano mo ito isasagawa?
4. Paano mo ipakikita ang pagpapahalaga sa iyong komunidad?





**A. Gumuhit ng isang puso sa iyong papel. Idikit ang iyong larawan sa loob ng puso. Iguhit ang kaya mong ibahagi sa iyong komunidad.**




**B. Pag-aralan ang mga larawan. Sagutin sa papel ang mga tanong.**

**A**



1. Ano ang ipinakikita sa larawan?
2. Ano ang kahalagahan ng sama-samang pagtutulungan ng mga tao sa pamayanan?

**B.**



1. Ano ang ipinakikita sa larawan?
2. Bakit mahalaga ang komunidad sa mga ganitong pagkakataon?

**C. Sundin ang sumusunod:**

1. Alamin kung ano ang magagawa ng kinabibilangang komunidad
    - sa batang katulad mo
    - sa pamilya
2. Umisip ng isang malikhaing paraan kung paano ipakikita ang kahalagahan ng komunidad. Ipakita sa klase.





- ✓ Ang bawat bata ay may kinabibilangang komunidad na dapat pahalagahan.
- ✓ Mahalaga ang komunidad sa paghubog ng pagkakaisa, pagtutulungan, kapayapaan, pag-uunawaan at pag-uugnayan ang bawat kasapi nito tungo sa pagsulong at pag-unlad.




**Basahin ang pangungusap. Piliin ang pangungusap na nagsasaad at nagpapaliwanag sa kahalagahan ng komunidad. Isulat ang sagot sa papel.**

1. Ang bawat bata ay kabilang sa isang komunidad na dapat pahalagahan.
2. Ang mga tao sa isang komunidad ay patuloy na nagsisikap upang makamit ang kaunlaran.
3. Kung may kapayapaan at pagkakaunawaan ang bawat kasaping komunidad, walang kaguluhang magaganap.
4. Ang diwang pagkakaisa ng bawat kasapi ay isang mahalagang sangkap ng komunidad.
5. Ang mga tao sa isang komunidad ay nagtutulungan para gumanda ang buhay.
6. Mahalaga ang komunidad upang magkaroon ng pagkakaisa at pag-uunawaan ang bawat kasapi nito.
7. Ang mga tao sa isang komunidad ay patuloy na nagsisikap upang makamit ang kaunlaran.
8. Mahalaga ang komunidad upang magkaroon ng pag-uugnayan ang bawat kasapi




# Iba-Ibang Larawan ng Komunidad






Ang modyul na ito ay naglalaman ng paglalarawan sa katangian at batayang impormasyon tungkol sa komunidad at mga sagisag at simbolong makikita rito.

Ito ay nahahati sa tatlong (3) aralin:

Aralin 2.1: Komunidad ko, Kikilalanin ko!

Aralin 2.2: Mga Sagisag at Simbolo sa Aking Komunidad

Aralin 2.3: Komunidad Ko, Ilalarawan Ko

Sa modyul na ito, ang mag-aaral ay inaasahang maipamamalas ang:

1. pagsasaliksik ng mga impormasyon tungkol sa komunidad;
2. paglalarawan sa kinabibilangang komunidad ayon sa batayang impormasyon;
3. paglalarawan sa mga sagisag o simbolong nakikita sa kapaligiran ng komunidad;
4. pagbubuo ng simpleng **profile** ng sariling komunidad; at
5. paglalarawan sa sariling komunidad na nagpapakita ng mga katangian at batayang impormasyon nito sa malikhaing paraan.




# Komunidad ko, Kikilalanin ko!

Sa araling ito, maglalakbay ka sa sarili mong komunidad upang alamin ang mga batayang impormasyon tungkol dito. Tuturuan at igagabay ka ng guro upang maisagawa ito.

Sa aralin ding ito, ang mag-aaral ay inaasahang:

1. maitatala ang mga nakalap na impormasyon tungkol sa komunidad
2. masasabi/maipahahayag ang mga batayang impormasyon tungkol sa komunidad; at makabubuo ng paglalahat tungkol sa nakalap na impormasyon ukol sa komunidad.




Alam mo ba ang mga batayang impormasyon tungkol sa iyong komunidad?

Saan maaaring kunin ang mga batayang impormasyon tungkol sa iyong komunidad?

**Basahin ang kuwento at itala ang impormasyong tungkol sa komunidad.**

**Ang Aking Komunidad**

Nakatira ako sa Barangay San Gabriel. Kahit maraming pamilya ang nakatira rito, malinis pa rin ang kapaligiran. Lahat ng mamamayan ay tulong-tulong sa pagpapaunlad ng kabuhayan ng bawat isa. Nagkakaisa ang mga tao rito. Si Ginoong Manuel Dela Rosa ang pinuno dito.

May iba-ibang grupong etniko sa aking komunidad. May mga Ilocano, Muslim, Igorot, Tagalog, Pampango at Bicolano. Iba-iba man ang pinagmulan at wikang sinasalita, kaming lahat ay pinagbubuklod ng aming pananampalataya sa iisang Diyos. May Iglesia ni Kristo, Katoliko, Muslim at iba pang relihiyon subalit hindi ito hadlang sa mapayapang samahan ng bawat isa sa aking komunidad.

**Sagutin:**

1. Ano-anong batayang impormasyon ang isinasaad sa kuwento?
2. Mayroon bang pangkat etniko sa iyong komunidad na katulad ng nasa kuwento?
3. Sa anong pangkat ka nabibilang? Anong relihiyon ang kinabibilangan mo?
4. Bakit kailangang malaman mo ang mga batayang impormasyong ito?
5. Ikaw, ano ang kuwento mo tungkol sa iyong komunidad?




**A. Isulat ang letra ng impormasyong tinutukoy ng may salungguhit na salita sa bawat bilang. Piliin ang sagot sa loob ng kahon.**

| | |
|---|---|
| A. Pinuno | D. Dami ng tao |
| B. Relihiyon | E. Pangalan ng lugar |
| C.Grupong Etniko | F. Wikang sinasalita |

1. Ako ay nakatira sa **Barangay Betel**. Dito ako ipinanganak. Dito rin ako lumaki.

2. Sina Nika at Carlo ay mga kalaro ko. Si Nika ay **Waray at Ilocano** naman si Carlo. Hindi sila lehitimong taga Barangay Betel subalit matagal na silang naninirahan dito.

3. Ang mag-anak na Gonzales ay relihiyosong **Kristiyano**. Lagi silang nagsisimba. Sila ay may malalim na pananampalataya sa Diyos.

4. Ang aming **Kapitan** ay si Ginoong Marlon Paredes. Limang taon na siyang namumuno sa aming barangay.

5. Kahit Ilokano ang aking ama at Kapampangan ang aking ina, Tagalog ang wika sa aming tahanan. Karamihan sa aming komunidad ay **Tagalog** ang wika.

6. Ayon sa istadistika, ang komunidad ng Betel ay binubuo ng **150 pamilya** noong taong 2000. Sa ngayon, may **300 pamilya** na ang naninirahan dito.

**B. Isulat sa talaan ang mga impormasyong nakalap.**

| | |
|---|---|
| Pangalan ng Komunidad | |
| Kasalukuyang Pinuno | |
| Wika | |
| Grupong Etniko | |
| Relihiyon | |
| Dami ng tao batay sa 2007 Census | |

**C. Sagutin ang tanong. Isulat sa papel ang sagot.**


1. Mahalaga ba ang mga impormasyong naitala mo tungkol sa iyong komunidad? Bakit?




✓ May mga batayang impormasyon ang bawat komunidad na dapat malaman at tandaan tulad ng pangalan, lokasyon, populasyon, pinuno, wika at mga grupong etniko at relihiyon.




**A. Punan ang mga kahon sa kanan. Isulat ang sagot sa iyong papel.**




**B. Itambal ang Hanay A sa Hanay B. Isulat ang letra ng tamang sagot sa papel.**

| A | B |
|---|---|
| ______1. Grupong etniko | A. Davao |
| ______2. Relihiyon | B. Sampaguita |
| ______3. Wika | C. Iglesia ni Kristo |
| ______4. Lokasyon | D. Mayor |
| ______5. Populasyon | E. Lalaki 457, Babae 265 |
| ______6. Pinuno | F. Igorot |
| | G. Tagalog |



Aralin 2.2

# sa Aking Komunidad
# Mga Sagisag at Simbolo

Nalaman mo ang mga batayang impormasyon tungkol sa iyong komunidad sa pamamagitan ng pananaliksik. Pinatibay pa ito ng mga kaalamang mula sa nakaraang aralin. Sa araling ito, bibigyang-pansin ang mga sagisag at simbolong makikita sa iyong komunidad. Tatalakayin ang kahulugan ng bawat sagisag upang higit na makilala at mailarawan ang kinabibilangang komunidad.


Sa araling ito, ang mag-aaral ay inaasahang:



1. maibibigay ang mga sagisag o simbolong makikita sa kapaligiran ng komunidad;
2. mailalarawan ang mga simbolo at kahulugan nito bilang sagisag ng komunidad;
3. maipaliliwanag ang kahulugan ng bawat simbolo;
4. maibibigay ang katumbas na salitang ginagamit bilang sagisag ng komunidad.






Ano-anoang sagisag o simbolo na makikita sa kapaligiran ng iyong komunidad?
Alam mo ba ang kahulugan ng mga ito?


**Kulayan ang sagisag na may katulad sa iyong komunidad.**












Pag-aralan ang mapa ng komunidad ng San Isidro.






May mga simbolo at sagisag na makikita sa komunidad. Ang mga sagisag na ito ay may kani-kaniyang kahulugan. Ang mga ito ang kumakatawan sa mga bagay, estruktura, makasaysayang pangyayari at iba pang maaaring pagkakakilanlan sa bawat komunidad. Ginagamit din ang mga sagisag na ito sa mapa ng komunidad.

**Sagutin:**


1. Ano-ano ang nakikita mong simbolo sa komunidad ng San Isidro?
2. Ano kaya ang kahulugan ng bawat simbolong iyong nakikita sa mapa?
3. Bakit mahalagang malaman ng naninirahan sa komunidad ang kahulugan ng bawat simbolo? Paano ito makatutulong sa bawat isa?




**A. Hanapin sa Hanay B ang sagisag na tinutukoy sa Hanay A. Isulat sa papel ang letra ng tamang sagot.**

| **Hanay A** | **Hanay B** |
|---|---|
| 1. Paaralan | A.  |
| 2. Ospital | B.  |
| 3. Palengke | C.  |
| 4. Plasa | D.  |
| 5. Bahayan | E.  |

C. Pag-aralan ang mapa. Isulat sa papel ang sinasagisag ng simbolo.



**C. Iguhit sa papel ang simbolong tumutukoy sa mga salitang nakasulat.**

Ospital

Paaralan

Simbahan

Tulay

BahayPamahalaan

Himpilan

Palengke

Bahayan




Basahin at tandaan.

- ✓ May mga simbolo kang makikita sa kapaligiran ng komunidad. Ang mga simbolong ito ay may kani-kaniyang kahulugan. Ginagamit itong pagkakakilanlan ng isang komunidad.




Iguhit sa malinis na papel ang mga sagisag o simbolong nakikita sa iyong komunidad. Isulat sa ilalim nito ang tinutukoy ng bawat isa.




# Komunidad Ko, Ilalarawan Ko

Sa nakaraang aralin, nagsagawa ka ng pagsasaliksik. Malaki ang naitulong nito upang makilala mo nang lubusan ang iyong komunidad.
Inaaasahan na magagamit mo ang lahat ng iyong natutuhan sa paglalarawan ng iyong komunidad sa malikhaing paraan.

Sa araling ito, ang mag-aaral ay inaasahang:

1. makapaglalarawan ng sariling komunidad na nagpapakita ng mga katangian at batayang impormasyon nito sa malikhaing paraan.




Kaya mo bang ilarawan ang iyong komunidad?


**Basahin at pag-aralan:**

## Larawan ng Isang Komunidad

Ang bawat komunidad ay binubuo ng pangkat ng mga tao. Ang bawat pangkat ay may kani-kaniyang katangiang taglay na nakatutulong sa mamamayan. May nagtitinda, may nagluluto ng mga kakanin habang ang iba naman ay abala sa paglilinis ng kanilang tahanan at kapaligiran. Sa isang panig ng komunidad ay may nagtutulungan sa pagtatanim ng mga gulay. Sa paaralan, masayang nag-aaral ang mga kabataan.


Ito ay ilan lamang sa mga katangian ng isang komunidad. Salat man sa karangyaan, mayaman naman sa mga taong may pagmamahalan at pagtutulungan.

Ito ang larawan ng isang komunidad.



Sagutin:

1. Anong mga impormasyon ang nakikita mo sa larawan ng komunidad?
2. Anong katangian  mayroon ang komunidad na ito?
3. Paano inilarawan ang nasabing komunidad?
4. Paano mo ihahambing ang iyong komunidad sa inilarawang komunidad?




## A. Sundin ang panuto sa loob ng mga arrow.

Humanap ng kapareha

Pagtulungang iguhit ang mapa ng inyong Komunidad

Iguhit din sa loob ng mapa ang mga pagkaka-kilanlan ng inyong komunidad.

Gumamit ng puncherupa ng maging pantay-pantay ang mga bilog.

Idikit ang mga makulay na bilog sa iginuhit na mapa upang makabuo ng mosaic.

Bumuo ng kuwentong naglalarawan sa iginuhit na komunidad.

**B. Sundin ang nakasulat sa bawat kahon. Bumuo sa papel ng katulad na pormat na nasa ibaba.**

| | | |
|---|---|---|
| Isulat ang pangalan ng iyong komunidad. | Idikit ang mapa ng iyong komunidad. | Isulat ang pangalan ng pinuno ng iyong komunidad |
| Isulat ang kabuuang populasyon ng iyong komunidad. | | Isulat ang wikang ginagamit sa iyong komunidad. |
| Idikit ang larawan ng pangkat-etnikong naninirahan sa iyong komunidad. | | Isulat ang relihiyon ng mga tao sa iyong komunidad. |

**C. Sumulat sa papel ng 2-3 pangungusap na naglalarawan sa katangian ng iyong komunidad.**




Sa paglalarawan ng kinabibilangang komunidad, kailangang maipakita ang mga batayang impormasyon at ang mga katangian na nagpapakilala dito. Maaaring isagawa ang paglalarawan sa iba-ibang malikhaing paraan tulad ng pagguhit, mosaic, paggamit ng molding clay at iba pa.




**Isagawa:**


1. Ilarawan ang katangian ng iyong komunidad sa pamamagitan ng isang role play.
2. Gumawa ng paglalarawanng mga batayang impormasyon at mga sagisag na nagpapakilala sa iyong komunidad gamit ang mga lumang dyaryo. Ipaskil ito.




## Unang Markahang Pagsusulit

**I. Tukuyin ang mga bumubuo ng komunidad. Isulat ang pangalan ng bawat isa.**


1.



2.




3.




4.



5.




**II. Tukuyin ang kinalalagyan ng komunidad na nasa larawan. Isulat sa papel ang letra ng tamang sagot.**

1.




A. minahan
B. lungsod
C. sakahan

2.




A. minahan
B. sakahan
C. industriyal

3.




A. minahan
B. kapatagan
C. kabundukan

4.



A. minahan
B. kapatagan
C. kabundukan

5.



A. tabi ng bundok
B. tabing sapa
C. tabing dagat

III. Iguhit ang masayang mukha ☺ kung sang-ayon sa isinasaad ng pangungusap at malungkot na mukha ☹ kung hindi.

1. Ang komunidad ay binubuo ng pangkat ng mga tao na namumuhay at naninirahan sa isang pook.

2. Tungkulin ng paaralan na bigyan ng dekalidad na edukasyon ang mga mag-aaral.

3. Ang isa sa mga gawain ng Health Center ay magpalaganap ng kalinisan sa komunidad.

4. Iba-iba ang kinabibilangang komunidad ng mga bata.

5. Magkakapareho ang kinalalagyan ng komunidad ng mga bata.

6. Ang pamilya ay isa sa mga bumubuo ng komunidad.

7. Ang pamilihan ay hindi kabilang sa mga bumubuo ng komunidad.

8. Ang isang komunidad ay dapat panatilihing malinis at matahimik upang maging maayos ang pamumuhay ng mga naninirahan.
9. Mahalaga ang maayos at malusog na komunidad sa isang batang katulad mo.
10. Gawain ng simbahan ang magpahayag ng mabuting balita ng Panginoon.
11. Ang mga tulay na yari sa kahoy ay napalitan ng semento.
12. Nagkaroon ng mga bahay na yari sa yero at semento na dati ay yari sa kahoy at pawid.
13. Walang nagbago sa bilang ng mga taong nakatira sa komunidad.
14. Hanggang ngayon, maliliit na bangka ang bumubuo sa mga sasakyang pandagat.
15. Gumanda at lumaki ang mga pampublikong paaralan.



# Ikalawang Yunit

# Kapaligiran, Pinagmulan at Pamumuhay sa Komunidad




Sa yunit na ito ay tatalakayin ang kamalayan at pag-unawa sa konsepto ng pagpapatuloy at pagbabago.

Ito ay nahahati sa dalawang (2) modyul:

Modyul 3 – Ang Kapaligiran ng Aking Komunidad
Modyul 4 – Ang Pinagmulan at Pamumuhay sa Aking Komunidad


Inaasahan na maipamamalas ng mag-aaral ang sumusunod:

- pagtukoy at pagkilala sa mga mahahalagang lugar, estruktura, bantayog, palatandaan at pook pasyalan sa komunidad;
- pagtukoy sa lokasyon ng mahahalagang lugar, estruktura, bantayog, palatandaan at pook pasyalan sa komunidad gamit ang payak na mapa;
- pagtukoy at paglalarawan sa kapaligiran at katangiang pisikal ng komunidad
    - anyong lupa at tubig
    - iba't ibang uri ng panahong nararanasan sa komunidad;

- paglalarawan sa pagpapatuloy at pagbabago ng kapaligiran ng komunidad sa pamamagitan ng iba-ibang malikhaing paraan;
- pagsasalaysay sa pinagmulan ng komunidad;
- pagtukoy at pagkilala sa  mga makasaysayang sagisag, estruktura, bantayog at bagay na matatagpuan sa komunidad;
- pagtukoy at paglalarawan sa mga pagdiriwang sa komunidad;
- agtukoy at paglalarawan sa mga pagbabago sa komunidad
  - uri ng transportasyon
  - pananamit
  - libangan
  - bilang ng pupulasyon
  - at iba pa;
- pagtukoy at paglalarawan sa mga bagay na nananatili sa komunidad;
- pagbuo ng paglalahat tungkol sa pagpapatuloy at pagbabago sa komunidad.




# Ang Kapaligiran ng Aking Komunidad






Ang modyul na ito ay naglalaman ng paglalarawan sa kapaligiran at pamumuhay sa komunidad.

Ito ay nahahati sa apat (4) na aralin:

Aralin 3.1: Payak na Mapa ng Aking Komunidad

Aralin 3.2: Ang Katangiang Pisikal ng Aking Komunidad

Aralin 3.3: Ang Uri ng Panahon sa Aking Komunidad

Aralin 3.4:Kapaligiran Ko, Ilalarawan Ko Sa modyul na ito, inaasahang maipamamalas ng mga mag-aaral ang:

1. pagtukoy at pagkilala ng mga mahahalagang lugar, estruktura, bantayog, palatandaan at pook- pasyalan sa komunidad;
2. paggamit ng payak na mapa sa pagtukoy ng lokasyon ng mahahalagang lugar, estruktura, bantayog, palatandaan at pook pasyalan sa komunidad; at
3. pagsulat ng maikling salaysay batay sa binuong payak na mapa ng sariling komunidad.




# Payak na Mapa ng Aking Komunidad

Sa araling ito, aalamin at tatalakayin ang mga mahahalagang lugar, estruktura, bantayog, palatandaan at pook-pasyalan sa isang komunidad. Gagamitin ang mga kaalamang ito sa pagbuo ng isang payak na mapa ng komunidad.

Ang mag-aaral ay inaasahang:

1. matutukoy ang mga mahahalagang lugar, estruktura, bantayog, palatandaan at pook-pasyalan na matatagpuan sa sariling komunidad;
2. matutukoy ang kinalalagyan o lokasyon ng mga mahahalagang lugar, estruktura, bantayog, palatandaan at pook-pasyalan na matatagpuan sa sariling komunidad;
3. makagagawa ng payak na mapa ng komunidad na nagpapakita ng mga mahahalagang lugar, estruktura, bantayog, palatandaan at pook-pasyalan; at
4. makasusulat ng maikling sanaysay tungkol sa komunidad batay sa ginawang payak na mapa.




Kaya mo bang gumawa ng payak na mapa ng iyong komunidad na nagpapakita ng iba-ibangmakasaysay anat mahahalagang lugar, bantayog at mga pook-pasyalan?

Ano-ano ang mahahalagang lugar, estruktura, bantayog, palatandaan at pook-pasyalan ang matatagpuan sa iyong komunidad? Saan ang lokasyon nito mula sa iyong tahanan?

**Basahin:**


## Ang Mapa ng Komunidad

Ang mapa ay lapad o patag na paglalarawan ng isang lugar. Ito ay isang napakahalagang sanggunian. Ipinakikita rito ang kinalalagyan ng iba-ibang lugar. Maraming impormasyon ang makukuha rito.


Sa paggawa ng mapa, kailangang may kaalaman sa mga direksyon. May apat na pangunahing direksyon, ang Hilaga, Timog,


Kanluran at Silangan. Dapat tandaan na ang Hilaga ay katapat ng Timog at ang Silangan ay
katapat ng Kanluran. Sinasabing sa Silangan, sumisikat ang araw at ito'y lumulubog naman sa Kanluran.


Maliban sa apat na pangunahing direksyon, mayroon ding pangalawang pangunahing direksyon. Pagmasdan ang guhit sa ibaba.



Tingnan ang iba-ibang pananda na ginagamit sa paggawa ng mapa








**Sagutin:**

1. Ano ang mapa?
2. Ano-ano ang pangunahing direksiyon? Pangalawang pangunahing direksiyon?
3. Ano ang kabutihan nang may kaalaman sa pangunahin at pangalawang pangunahing direksiyon'
4. Ano-ano ang  panandang ginagamit sa paggawa ng mapa? Iguhit sa pisara.
5. Bakit mahalaga ang mga pananda sa paggawa ng mapa?





**A. Iguhit ang mahalagang lugar, estruktura, bantayog, palatandaan at pook-pasyalan na makikita mula sa iyong paaralan. Ilagay sa tamang direksiyon.**



**B. Sumulat ng 2 -3 pangungusap tungkol sa lokasyon ng lugar, estruktura, at pook-pasyalan na iyong iginuhit sa Gawain A.**

**C. Pag-aralan ang mapa. Isulat sa papel ang sagisag at panandang tinutukoy ng direksiyong nakasulat sa ibaba ng mapa.**




1. Timog ____________
2. Timog Kanluran ___
3. Kanluran _________
4. Hilagang Kanluran
5. Hilaga ______________
6. Hilagang Silangan ___
7. Silangan _____________
8. Timog Silangan ______




Basahin at isaisip ang mga ideyang nakapaloob sa kahon. Makatutulong ito para sa pagsasagot mo ng panghuling pagtataya.

- ✓ May mga mahahalagang lugar, bantayog, palatandaan at mga pook-pasyalan ang maaaring matagpuan sa isang komunidad. Ang mga ito ay mga pagkakakilanlan ng isang komunidad.
- ✓ Ang lokasyon ng mga lugar na ito ay maaaring nasa hilaga, timog, silangan at kanluran ng sariling tahanan.
- ✓ Maaari ring gamitin ang pangalawang pangunahing direksyon: Hilagang Silangan, Timog Silangan, Timog Kanluran, Hilagang Kanluran sa pagtukoy ng lokasyon ng mga nasabing mahahalagang lugar at pook- pasyalan.
- ✓ Sa paggawa ng payak na mapa, makakatulong ang kaalaman sa pangunahin at pangalawang pangunahing direksyon sa pagtukoy ngmganabanggit na pagkakakilanlan.




**Isagawa:**

1. Gumawa ng mapa ng iyong komunidad gamit ang mga patapong bagay tulad ng kahon, bote at papel.

2. Ipakita sa mapa ang mga mahahalaga lugar, estruktura, bantayog, palatandaan at mga pook-pasyalan at ang lokasyon nito mula sa iyong tahanan.

3. Sumulat ng 2-3 salaysay tungkol sa ginawang mapa ng komunidad.




# Ang Katangiang Pisikal ng Aking Komunidad

Sa pag-aaral ng sariling komunidad, mahalagang malaman at mailarawan ng naninirahan ang kapaligiran at katangiang pisikal.Ipinakikita nito na higit niyang kilala ang kanyang komunidad.

Sa araling ito, ang mag-aaral ay inaasahang:

1. mailalarawan ang kapaligiran at katangiang pisikal ng sariling komunidad;
2. maiisa-isa ang mga anyong lupa at anyong tubig na matatagpuan sa sariling komunidad;
3. masusuri ang pagkakaiba ng kalagayan ng mga anyong lupa at anyong tubig noon at ngayon;
4. matutukoy ang mga pananda sa mapa na sumisimbolo sa anyong lupa at anyong tubig;
5. makaguguhit ng payak na mapang pisikal ng sariling komunidad; at
6. maihahambing ang katangiang pisikal ng sariling komunidad sa komunidad ng mga kaklase.




Ano-ano ang mga anyong lupa at anyong tubig na makikita sa kapaligiran ng iyong komunidad?


Alin sa mga ito ang nananatili pa sa iyong komunidad hanggang sa kasalukuyan?

May mga pagbabago ba sa mga anyong tubig/anyong lupa na makikita sa iyong komunidad?

**Basahin:**


Magandang araw.
Ako si **Komunidad.**
Ipapasyal kita sa aking paligid. Makikikita at makikilala mo ang mga anyong tubig at anyong lupang nakapaligid sa akin.





Ako si **KARAGATAN.** Ako ang pinakamalaking anyong tubig.


**DAGAT** naman ang tawag sa akin.  Isa rin akong malaking anyong tubig. Maraming yamang dagat ang nakukuha sa kailaliman ko.





Ako si **LOOK**. Malapit ako sa baybayin ng dagat. Kung tawagin nila ako ay bisig o karugtongng karagatan. Maganda akong himpilan ng mga sasakyang-pandagat.


**LAWA** ang tawag sa akin. Ako ay maliit na anyong tubig ng napaliligiran ng lupa. Matabang ang aking tubig.





Ako si **ILOG**.Bahagi ako ng malaking lawa na umaagos o dumadaloy.

**SAPA** kung ako ay tawagin. Mas maliit ako kaysa ilog.





Ako si **BUKAL**.Nanggagaling ako sa ilalim ng lupa. Kalimitang mainit na tubig ang nagmumula sa akin.
Maraming katulad ko ang matatagpuan sa lalawigan ng Laguna.

**TALON** ang tawag sa akin. Ako'y tubig na bumabagsak mula sa mataas na lugar tulad ng bundok.





Ang ipakikilala ko naman ay ang mga anyong lupang nakapaligid sa akin.  Gusto ba ninyo silang makilala?

Ako si **PULO**. Isa akong anyong lupa na napaliligiran ng tubig.





Ako ang pinakamataas na anyong lupa. **BUNDOK** ang tawag sa akin.

Ako si **BULKAN**. Mataas akong anyong lupa na may butas sa tuktok. May mainit at kumukulong putik at bato ang loob ko.




Ako ay mataas
na lupa ngunit
mas mababa
kaysa sa bundok.
Ako si **BUROL**.





**TALAMPAS** kung
ako ay tawagin.
Ako'y malapad,
malawak at pantay
na lupa sa mataas
na lugar o bundok.



Nasa pagitan ako
ng mga bundok at
burol. Ako si
**LAMBAK.**

Si **KAPATAGAN**
ako**.** Marami ang
naninirahan sa
akin dahil ako ay
malawak, pantay
at mababang
lupa.





Kumusta, natandaan ba ninyo ang aking mga ipinakilala sa inyo? Sila ang mga salik ng katangiang pisikal ng isang komunidad.

**Sagutin:**

1. Ano-ano ang anyong tubig/anyong lupa ang ipinakilala sa kuwento?
   May ganito rin basa kapaligiran ng iyong komunidad?

2. Anong anyong tubig sa kuwento ang may katulad sa iyong komunidad?



3. Anong anyong lupa sa kuwento ang may katulad sa iyong komunidad?

4. Alin sa mga anyong tubig/anyong lupa na mayroon sa iyong komunidad ang nananatili pa hanggang sa kasalukuyan?
   Alin ang hindi na?


5. Alin ang nagbago sa mga anyong tubig/anyong lupa sa iyong komunidad?




**A. Kilalanin ang mga anyong lupa at anyong tubig na nakalarawan. Isulat ang sagot sa papel.**

1. 
2. 
3. 
4. 
5. 
6. 
7. 
8. 
9. 
10. 

**B. Pag-aralan ang mapa. Sagutin ang mga tanong. Isulat sa papel ang sagot.**




Ano-anong anyong lupa at anyong tubig ang nasa ________?

1. Hilaga ____________________, ______________________
2. Timog ____________________, ______________________
3. Kanluran _________________, ______________________
4. Silangan _________________, ______________________

**C. Isagawa ang sumusunod:**

1. Gumawa ng collage ng isang tanawing nagpapakita ng anyong tubig o anyong lupa sa isang komunidad.
2. Lagyan ng pangalan ang iyong ginawa.
3. Magkaroon ng eksibit ng mga larawan sa silid-aralan.




- ✓ Ang bawat komunidad ay may iba-ibang katangiang pisikal.
- ✓ Nagkakaiba ang kalagayan ng bawat komunidad batay sa mga anyong lupa at anyong tubig na matatagpuan dito.




**Panuto:**

1. Gumawa ng mapang pisikal ng iyong komunidad.
2. Gamitin ang mga pananda sa anyong tubig at anyong lupa.
3. Iguhit sa malinis na papel.
4. Ipaskil ito.




# Kapaligiran at Uri ng Panahon sa Aking Komunidad

Sa nakaraang aralin, pinagtuunan ng pansin ang mga anyong tubig at anyong lupa na nakikita sa iyong komunidad. Bumuo ka ng mapa na nagpapakita ng katangiang pisikal ng iyong komunidad.  Malaki ang kaugnayan ng mga anyong tubig at anyong lupa sa panahong nararanasan sa bawat komunidad. Ito ang masusing tatalakayin sa araling ito.

Ang mag-aaral ay inaasahang:

1. matutukoy ang iba-ibang uri ng panahongnararanasan sa sariling komunidad;
2. makabubuo ng simpleng ulat ukol sa kalagayan ng panahon;
3. matutukoy  ang mga natural na kalamidad o sakunang nagaganap sa komunidad; at
4. maipaliliwanag ang epekto ng kalamidad sa kalagayan ng mga anyong lupa, anyong tubig at sa tao.




Anong uri ng panahon ang nararanasan sa iyong komunidad?

Kaya mo bang bumuo ng simpleng ulat ukol sa kalagayan ng panahon?

Anong mga kalamidad ang nararanasan sa iyong komunidad?

Ano ang epekto ng mga kalamidad sa kapaligiran at sa tao?

**Basahin:**

## Uri ng Panahon sa Aking Komunidad

Sa aking komunidad ay may dalawang uri ng panahon. Ito ay ang tag-ulan at tag-init.Ang tag-init ay nararanasan mula sa buwan ng Nobyembre hanggang buwan ng Abril. Mula naman buwan ng Mayo hanggang Oktubre ay nararanasan ang tag-ulan.

Sa bawat uri ng panahon, naiaangkop ang mga gawain at kasuotan. Nakararanas ng iba- ibang kalamidad tulad ng lindol, baha, bagyo, sunog at pagsabog ng bulkan. Malaki ang epekto ng mga kalamidad sa aking komunidad. Kapag may baha at bagyo, nasisira ang mga pananim, maraming nalulunod na mga hayop at natutumba ang mga puno.

Kung minsan mayroon pang namamatay na tao. Kapag tag-init naman, natutuyo ang mga pananim at nagkakaroon ng sunog. Marami rin ang nagkakasakit kapag matindi ang init tulad ng lagnat, **sore eyes**, **allergy** at iba pa.

Tunay na ang kinaroroonan ng isang lugar ay may kinalaman sa iba-ibang uri ng panahon na nararanasan sa ating komunidad.

**Sagutin:**



1. Ano ang uri ng panahon na nabanggit sa talata?
2. Kailan sila nakararanas ng tag-init?
3. Anong buwan sila nakakaranas ng tag-ulan?
4. Ano-ano ang kalamidad na nararanasan nila?
5. Ano-ano ang epekto ng kalamidad na nabanggit sa tao at sa kaniyang komunidad?




**Isagawa:**

1. Obserbahan ang panahong nararanasan araw-araw sa iyong komunidad.

1. Itala sa Ulat Panahon na tulad ng nasa ibaba.
2. Humanda sa pag-uulat sa klase.

| Uri ng Panahon / Araw |  |  |  |  |
|---|---|---|---|---|
| Lunes | | | | |
| Martes | | | | |
| Miyerkules | | | | |
| Huwebes | | | | |
| Biyernes | | | | |
| Sabado | | | | |
| Linggo | | | | |

**A. Basahing mabuti ang bawat kalagayan. Piliin ang letra ng tamang sagot. Isulat ang sagot sa papel.**

1. Kung tag-ulan, ang komunidad nina Alyssa ay palaging bumabaha. Ano ang maaari nilang gawin?
   A. Linisin ang mga kanal at estero
   B. Ipagbigay alam sa pamahalaan
   C. Pabayaan na umagos ang tubig
   D. Paalisin ang mga tao sa komunidad

2. Kung tag-ulan, nagtitinda ng sopas at mainit na pagkain si Aling Coring. Kung tag-init naman ay halo-halo at scramble. Alin ang wastong paglalahat?
   A. Iba-iba ang mga hanapbuhay ng mga tao sa komunidad.
   B. Pare-pareho ang mga gawain ng mga tao sa kanilang komunidad.
   C. Ang uri ng hanapbuhay ay iniaangkop ng mga tao sa uri ng panahon.

D. Maraming hanapbuhay ang maaaring gawin kung tag-ulan.

3. Iniaangkop ng mga tao ang kanilang kasuotan kapag tag-ulan sa kanilang komunidad. Alin ang angkop na kasuotan?
   A. maninipis na damit
   B. makakapal na damit
   C. payong, kapote at bota
   D. payong, dyaket, kapote at bota

4. Ibinabagay ng mga tao ang kanilang kasuotan kapag tag-init. Alin ang dapat nilang isuot?
   A. kapote
   B. sando at shorts
   C. makapal na damit
   D. maninipis na blusa

5. Tuwing tag-ulan, bumabaha sa inyong komunidad. Ano ang maaari mong mungkahing gawin?
   A. Iwasan ang pagtatapon ng basura sa mga kanal at estero
   B. Maging alerto sa mga nagaganap sa paligid
   C. Huwag lumabas ng bahay
   D. Unahingiligtas ang sarili

**B. Ayusin ang mga letra sa loob ng bahay. Isulat ang nabuong salita sa papel.**

1. DOL LIN

3. AH AB


5. ATEK SIDEN

2. GSO UN

4. AB YOG

6. PAGBOG SA GN KABLUN

**D. Gumawa ng katulad na flower organizer sa papel. Isulat ang mga sakuna o kalamidad na maaaring mangyari sa komunidad .**







- ✓ Mayroong dalawang uri ng panahon sa mga komunidad ng ating bansa. Ito ay ang tag-ulan at tag-init.
- ✓ May mga natural na kalamidad o sakunang nagaganap tulad ng lindol, baha, sunog, bagyo, pagsabog ng bulkan at aksidente. Ito ay nagdudulot ng iba-ibang epekto sa anyong lupa, tubig at sa tao.




**Piliin ang letra ng tamang sagot. Isulat ang sagot sa papel.**

1. Hindi makapasok sa paaralan ang batang si Kayla. Baha sa kanilang lugar. Maraming gumuhong lupa sa kanilang daraanan. Anong uri ng panahon ang kanilang nararanasan?
   A. tag-init  C. tag-ulan
   B. tag-araw  D. tagtuyo
2. Ang pagpuputol ng mga puno at pagmimina sa kagubatan ay sanhi ng pagkakaroon ng __
   A. ulan.  C. lindol.
   B. baha.  D. bagyo.
3. Alin sa sumusunod ang mangyayari kung hindi maayos ang linya ng kuryente sa bahay at iba pang gusali?
   A. ulan  C. sunog
   B. lindol  D. bagyo
4. Maaliwalas ang paligid sa komunidad nina Ramon. Maraming bata ang naglalaro. Ang mga magsasaka ay nagbibilad ng palay. Anong uri ng panahon ang nararanasan nila?
   A. taglamig  C. tag-ulan
   B. Tag-init  D. tagtuyo
5. Ang sumusunod ay natural na kalamidad na nagaganap sa komunidad, maliban sa ______.
   A. bagyo, baha  C. kulog, kidlat
   B. lindol, el nino  D. brown out, sunog




# Kapaligiran Ko, Ilalarawan Ko

Sa tatlong nakaraang aralin, nabatid mo ang katangiang pisikal at kapaligiran ng iyong komunidad kabilang ang uri ng panahong nararanasan dito. Sa araling ito, pagtutuunan ng pansin kung alin sa mga katangiang pisikal na ito ang mga nagbago at nananatili pa hanggang sa kasalukuyan.

Sa araling ito, ang mag-aaral ay inaasahang:

1. mailalarawan ang pagpapatuloy at pagbabago ng kapaligiran sa komunidad; at
2. mailarawan ang katangiang pisikal ng sariling komunidad sa malikhaing paraan.




Ano-anong pagbabago ang iyong nakikita sa kapaligiran at katangiang pisikal ng iyong komunidad? Paano mo ito ilalarawan?

Pag-aralan at paghambingin ang magkaibang larawan ng komunidad ng Puerto Galera:

Ito ang komunidad ng PuertoGalera sa kasalukuyan.




Ito ang Puerto Galera noon.




**Sagutin:**

1. Ilarawan ang kapaligiran ng Puerto Galera noon.
2. Ano ang nakikita mong pagbago sa kapaligiran ng Puerto Galera sa kasalukuyan?
3. Ano-ano ang katangiang pisikalnanananatili pa hanggang sa ngayon?
4. Paghambingin ang kapaligiran ng Puerto Galera ngayon at noon.




A. Idikit sa kartolina ang mga larawang nakalap.Gamitin ang pormat sa ibaba.

| Ang Aking Komunidad Ngayon |
|---|
| |

| Ang Aking Komunidad Noon |
|---|
| |

B. Balikan ang Gawain A. Isulat sa papel ang mga nagbabago at nananatili pa sa iyong komunidad. Gayahin ang pormat sa ibaba.

| **Kapaligiran ng Komunidad** | **Pagbabago** | **Nananatili** |
|---|---|---|
| Hal. bundok | Pinatag at ginawang bahayan | |
| | | |
| | | |

C. Iguhit ang mga anyong lupa/tubig na mayroon sa iyong komunidad noon at ngayon.

| Anyong Tubig Noon | Anyong Tubig Ngayon |
| --- | --- |
| | |
| **Anyong Lupa Noon** | **Anyong Lupa Ngayon** |
| | |

D. Balikan ang iginuhit na mga larawan sa Gawain C. Isulat sa papel ang mga nagbago at nananatili pa sa iyong komunidad. Gamiting halimbawa ang tsart sa ibaba.

| AnyongTubig/ AnyongLupa | Pagbabago | Nananatili |
| --- | --- | --- |
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |

## Tandaan Mo

- ✓ Maraming pagbabago ang nagaganap sa kapaligiran ng isang komunidad, halimbawa: ang kalsadang dating lubak-lubak naging konkreto na; ang dating mga bahay na yari sa nipa at kawayan, ngayon ay konkreto na rin.
- ✓ Sa mga anyong tubig at anyong lupa, marami ring mga pagbabago tulad ng: dating ilog, tinambakan ng lupa, ngayon ay panahanan na; dati ay magandang burol ngayon ay pinatag at ginawang subdibisyon; at iba pa.
- ✓ Mayroon ding nananatili pa hanggang sa kasalukuyan tulad ng talon, ilog, dagat, kapatagan at iba.

## Natutuhan Ko

Umisip ng isang malikhaing paraan ng paglalarawan sa mga bagay na nagbago at nananatili pa sa kapaligiran ng iyong komunidad. Ipakita ito.

Modyul 4

# Pinagmulan ng Aking Komunidad at ang Pamumuhay Dito






Ang modyul na ito ay naglalaman ng pag-unawa sa pinagmulan at kasaysayan ng sariling komunidad. Maisusulat ang kasaysayan nito sa pamamagitan ng pangangalap ng nga datos. Tatalakayin din ang mga bagay na nagbago at nananatili pa sa komunidad gamit ang konsepto ng pagpapatuloy at pagbabago.

Ito ay nahahati sa apat (4) na aralin.

Aralin 4.1 – Ang Pinagmulan ng Aking Komunidad
Aralin 4.2 – Mga Pagdiriwang sa Aking Komunidad
Aralin 4.3 – Mga Pagbabago sa Aking Komunidad
Aralin 4.4 – Mga Bagay na Nananatili sa Aking Komunidad

Pagkatapos ng modyul na ito, ang mag-aaral ay inaasahang maipamamalas ang sumusunod:

- pagsasalaysay ng pinagmulan ng komunidad;
- pagkilala at pagtukoy ng mga makasaysayang sagisag, estruktura, bantayog at bagay na matatagpuan sa komunidad;
- pagtukoy at paglalarawan ng mga pagdiriwang sa komunidad;
- paglalarawan ng mga pagbabago sa komunidad;
    - uri ng transportasyon
    - pananamit
    - libangan
    - bilang ng populasyon
    - at iba pa
- pagtukoy at paglalarawan sa mga bagay na nanatili sa komunidad; at
- pagbubuo ng paglalahat tungkol sa pagpapatuloy at pagbabago sa komunidad.




# Ang Pinagmulan ng Aking Komunidad

Ang pinagmulan ng pangalan at mga makasaysayang lugar, bantayog at sagisag ng komunidad ay malaki ang kaugnayan sa kasaysayan nito. May mga pagkakataon na nagbabago ang pangalan ayon sa pagbabago ng kapaligiran at pamumuhay ng mga tao rito.

Sa araling ito, ang mag-aaral ay inaasahang:

1. makapagsasaliksik ng pinagmulan ng pangalan ng sariling komunidad;
2. maisasalaysay ang kuwentong pinagmulan ng pangalan ng sariling komunidad;
3. matutukoy ang mga makasaysayang sagisag, estruktura, bantayog at bagay na matatagpuan sa komunidad;
4. masasabi kung bakit kinikilala ang mga bagay na ito; at
5. mabibigyang-halaga ang mga makasaysayang sagisag, estruktura, bantayog at bagay na matatagpuan sa komunidad.




Ano ang kuwento tungkol sa pinagmulan ng pangalan ng iyong komunidad?

Ano-ano ang makasaysayang bantayog, lugar, estruktura at bagay sa iyong komunidad?

Bakit makasaysayan ang mga ito?

Paano binibigyang-halaga ang mga ito sa iyong komunidad?

**Basahin:**

### Pinagmulan ng Komunidad ng San Isidro

Isang munting baryo ang naitatag libo-libong taon na ang lumipas. Ang mga unang tao na nanirahan dito ay pinaghalong Tagalog at katutubong Mangyan. Nabuhay sila sa pangingisda, pagtatanim, paggawa ng bangka at paglalala ng banig. Ang dalampasigan ng baryong ito ang naging daungan ng mga dayuhang Tsino.

Dito nagaganap ang pagpapalitan ng produkto ng mga katutubo at dayuhang Tsino.

Ito ang dahilan kung bakit itinuturing na makasaysayan ang dalampasigang ito.

Batay sa kuwento ng mga matatanda, maraming halamang lagundiang tumubo sa lahat ng sulok ng baryong ito na siyang naging dahilan upang tawagin ang lugar na Baryo Lagundian.

Ayon pa rin sa kasaysayan, ang lugar na ito ang unang naging kabisera ng Mindoro.

Noong unang bahagi ng ika-20 dekada,ang Baryo Lagundian ay napalitan ng San Isidro Labrador. Mayroon itong limang sitio; ang Lagundian, Minolo, Aninuan, Talipanan at Alinbayan. Taong 1960, inihiwalay ang sitio Aninuan at Talipanan at naging isang baryo.

Ayon pa rin sa mga matatanda, may tatlong malalaking angkan na unang nanirahan dito. Ito ay ang pamilyang Magbuhos, Caringal at Delgado. Sa kanila nagmula ang mga taong nanirahan sa lugar. Sa ngayon may mga Visaya, Ilokano, Bikolano at iba pang nakatira sa lugar. Tagalog ang wika ng mga tao at Katoliko ang relihiyon ng nakararami.

Sa ngayon, ang Barangay San Isidro ay mas kilala sa tawag na "**White Beach**". Dinarayo ito ng mga lokal at dayuhang turista dahil sa nakabibighaning ganda ng maputing dalampasigan nito.

**Sagutin:**

1. Anong komunidad ang inilarawan sa kuwento?
2. Ano ang unang pangalan ng komunidad ng San Isidro? Saan nagmula ang pangalang ito?
3. Bakit nakilala sa katawagang "**White Beach**" ang komunidad ng San Isidro?
4. Anong lugar sa San Isidro ang makasaysayan? Bakit?




**A. Punan ang graphic organizer sa ibaba. Gamitin ang impormasyong kinalap.**

<table>
<tr><td colspan="2">Konsepto: Ang Pinagmulan ng Pangalan ng Aking Komunidad</td></tr>
<tr><td>Ano ang alam ko tungkol sa pangalan ng aking komunidad?<br>1. ________________<br>2. ________________</td><td>Ano pa ang gusto kong malaman?<br>1. ________________<br>2. ________________</td></tr>
<tr><td colspan="2">Paano ko ito nalaman?<br>1. __________________ 2. __________________</td></tr>
<tr><td colspan="2">Ano ang natuklasan ko tungkol sa pangalan ng aking komunidad?<br>1. ______________________________________<br>2. ______________________________________</td></tr>
</table>

**A. Sumulat ng maikling kuwentong binubuo ng 2-4 na pangungusap tungkol sa pinagmulan ng iyong komunidad. Ikuwento ito sa mga kaklase.**

**B. Isagawa ang sumusunod:**

1. Mangalap ng mga impormasyon tungkol sa makasaysayang bantayog, lugar, estruktura at bagay na makikita sa iyong komunidad.
2. Iguhit ang larawan ng mga ito.
3. Idikit sa papel ang bawat larawan at sumulat ng 2-3 pangungusap tungkol dito.
4. Gumawa ng album na katulad ng halimbawa sa ibaba.






Ito ang Lambingan na matatagpuan sa Poblacion, Puerto Galera, Silangang Mindoro. Itinayo ito noong taong 1962. Nagsisilbi itong upuan at tambayan ng mga tao. Maraming mga pangyayari ang naganap dito sa mga nagdaang panahon. Nakasulat rin sa batong ito ang pangalan ng Pangulo ng Pilipinas, Congressman, Mayor at mga Konsehal ng Puerto Galera noong

**D. Isagawa:**

1. Balikan ang album na ginawa.
2. Magtanong sa iyongkomunidad kung paano pinahahalagahan ang mga makasaysayang bantayog, estruktura, lugar at bagay na makikita rito.
3. Isulat o iguhit ang nakalap na pagpapahalaga.
4. Tingnan ang halimbawa sa ibaba.



Ang Lambingan, 50 taong gulang na.





Bilang pagpapahalaga sa Lambingan sa kanyang ika-50 taon, gumawa ng proyekto ang grupo ng mga Galerians upang pagandahin ang kinalalagyan nito na tulad ng nasa larawan.




- ✓ Ang pangalan ng bawat komunidad ay may kani-kaniyang kuwentong pinagmulan.
- ✓ May mga makasaysayang bantayog, estruktura, lugar at bagay sa bawat komunidad na dapat ingatan at pahalagahan.




**Isagawa:**

1. Gumawa ng "Picture Story" ng iyong komunidad.
2. Isulat sa kuwento ang pinagmulan ng pangalan nito at ang mga makasaysayang bantayog, estruktura, lugar at bagay na mayroon sa iyong komunidad.
3. Pagsama-samahin ang mga larawang kuwento at bumuo ng isang munting aklat.




# Mga Pagdiriwang sa Aking Komunidad

Ang mga pagdiriwang na isinasagawa sa iba-ibang komunidad ay sumasalamin sa kulturang kinagisngan ng mga naninirahan dito. Inaasahang sa araling ito ay mapahahalagahan at mailalarawan angiba- ibang pagdiriwang na pansibiko at pangrelihiyon sa komunidad.

Sa araling ito, ang mag-aaral ay inaasahang:

1. matutukoy ang iba-ibang pagdiriwang sa komunidad;
2. mailalarawan ang mga gawain o paraan ng mga pagdiriwang sa komunidad;
3. mauunawaan kung paano nakikibahagi ang pamilya o paaralan sa pagdaraos ng mga pagdiriwang sa komunidad, at
4. maipaliliwanang ang mga dahilan at kahalagahan ng mga pagdiriwang.




Nakaranas ka na bang sumali sa mga pagdiriwang na ito?

Alam mo bang may iba-ibang pagdiriwang sa komunidad na isinasagawa sa iba-ibang paraan?

**Basahin:**

Alam mo ba na may iba-ibang uri ng pagdiriwang na idinaraos sa mga komunidad sa ating bansa?

Maraming mahahalagang araw ang ipinagdiriwang sa ating mga komunidad. Ang mga pagdiriwang na ginagawa taon-taon ay tinatawag na **tradisyon.**Ang mga ito ay maaaring pagdiriwang na panrelihiyon o ayon sa paniniwala at pansibiko.

Ang **pagdiriwang na pansibiko** ay isinasagawa taon-taon. Ang mga ito ay pinagtibay ng batas. Sa mga araw na ito, nakadeklarang walang pasok sa mga paaralan at tanggapan maging pampubliko man o pangpribado. Ginagawa ito upang mabigyan ng pagkakataon ang lahat na makisali at makiisa sa mga programa.

Ang **pagdiriwang na pangrelihiyon** ay ipinagdiriwang batay sa paniniwala at relihiyon. Naging tradisyon na natin ang pagdiriwang na ito maging Katoliko, Muslim o iba pang mga relihiyon.

Mayroon tayong mga pagdiriwang na isinagawa sa bawat buwan.

| Petsa | Pagdiriwang |
|---|---|
| Enero 1 | Ipinagdiriwang ang Bagong Taon. Masayang sinasalubong ng mga tao ang pagpapalit ng taon. |
| Pebrero 25 | Ipinagdiriwang sa araw na ito ang Rebolusyon sa EDSA. Ginugunita ang pagkakamit ng kalayaan sa mapayapang paraan. |
| Abril 9 | Ipinagdiriwang ang Araw ng Kagitingan. Ginugunita ang pakikipaglaban ng mga sundalong Pilipino laban sa mga dayuhang Hapones noong ikalawang digmaang pandaigdig. |
| Mayo 1 | Ito ang Araw ng mga Manggagawa. Ipinagdiriwang ng sambayanan ang mga buhay na bayani ng bansa, ang mga manggagawa. |

| Petsa | Pagdiriwang |
|---|---|
| Hunyo 12 | Ito ang Araw ng Kalayaan. Ito ang ang araw na ipinahayag ni Heneral Emilio Aguinaldo ang kalayaan mga Pilipino laban sa mga Kastila. |
| Agosto 29 | Araw ng mga Bayani. Ginugunita ang kabayanihan ng mga magigiting na bayaning Pilipino. |
| Nobyembre 30 | Araw ni Andres Bonifacio. Ipinagdiriwang ang kaarawan ng bayaning si Andres Bonifacio. |
| Disyembre 30 | Araw ni Jose Rizal. Ginugunita sa araw na ito ang pagkamatay ng pambansang bayaning si Jose Rizal sa Bagumbayan. |

Ito naman ang mga pagdiriwang na panrelihiyon.

| | |
|---|---|
| Ramadan | Ginugunita ang pagkakapahayag ng banal na aklat, ang Koran kay Mohammed, ang propeta ng mga Muslim. Ito ang panahon ng kanilang pag-aayono. |
| Mahal na Araw | Nagbabasa at umaawit ng pasyon bilang pag-alala sa pagpapakasakit, pagkamatay at muling pagkabuhay ni Hesukristo. |

| | |
|---|---|
| Araw ng mga Patay | Ito ay paggunita sa araw ng mga patay. Ang mga tao ay naghahandog ng mga bulaklak at nagtitirik ng kandila sa puntod ng mga mahal sa buhay. |
| Hariraya Puasa o Ed'l Ftr | Ito ang araw ng pasasalamat ng mga Muslim sa pagtatapos ng Ramadan. |
| Santa Sena | Isang pagdiriwang ng relihiyong Iglesia ni Kristo bilang paggunita sa banal na hapunan. |
| Pista | Ito ay masayang pagdiriwang na panrelihiyon bilang parangal sa kaarawan ng mga patron. |
| Pasko | Ipinagdiriwang ang araw ng kapanganakan ni Hesukristo. Bilang paghahanda, nagsasagawa ng simbang gabi sa loob ng 9 na araw bago magpasko. |
| Santakrusan | Ginaganap tuwing buwan ng Mayo. Tampok sa pagdiriwang ang Reyna Elena at Constantino dahil sa pagkakatagpo sa banal na krus. |
| Ati-Atihan | Isinasagawa ito bilang pagdiriwang sa kapistahan ng Sto. Nino sa Kalibo, Aklan. Ito ay isang etnikong sayaw na kung saan ang mga kalahok ay pinapahiran ng uling sa buong katawan at ang kasuotan ay tulad ng isang katutubong ati. |


May iba pang mga pagdiriwang sa iba-ibang komunidad batay sa kanilang kultura at tradisyon.

**Sagutin:**

1. Ano-anong pagdiriwang ang tinukoy sa talata?
2. Alin sa mga ito ang ipinagdiriwang sa iyong komunidad? Alin ang hindi?
3. Anong pagdiriwang ang mayroon sa iyong komunidad na hindi nabanggit sa talata?
4. Paano isinasagawa sa iyong komunidad ang mga nabanggit na pagdiriwang?
5. Ano ang kahalagahan ng pagkakaroon ng mga pagdiriwang na ito? Ipaliwanag ang sagot.





**A. Punan ang mga bilog ng iba't ibang pagdiriwang na idinaraos sa iyong komunidad. Isulat ang sagot sa papel. Gayahin ang "graphic organizer" sa ibaba.**



**B. Isagawa ang nasa loob ng kahon.**

1. Bumuo ng pangkat na may 5 kasapi.
2. Pumili ng isang pagdiriwang na ginagawa sa inyong komunidad.
3. Umisip ng isang tagpo sa pagdiriwang at ipakita kung paano ito isinasagawa.
4. Ipakita sa klase.
5. Pahulaan kung anong pagdiriwang ang ipinakita.

**C. Gumupit ng larawan ng paborito mong pagdiriwang na ginaganap sa iyong komunidad. Idikit sa loob ng kahon. Isulat sa loob ng puso kung paano mo ito pinahahalagahan.**







- ✓ May iba-ibang pagdiriwang na ginaganap sa bawat komunidad.
- ✓ Ang mga pagdiriwang na idinadaos sa bawat komunidad ay iniaaayon sa kanilang kultura, tradisyon at paniniwala.
- ✓ May dalawang uri ng pagdiriwang: ang pambansang pagdiriwang o pagdiriwang na pansibiko at pagdiriwang na panrelihiyon.
- ✓ Ang mga pagdiriwang sa komunidad ay nagbubuklod sa mga tao tungo sa pagkakaisa at pag-unlad.





Sagutin ang mga tanong at isulat ang sagot sa papel.

1. Alin ang pinakagusto mo sa lahat ng pagdiriwang na pansibiko at panrelihiyon sa iyong komunidad? Bakit?

2. Mahalaga bang sumali ang mga batang tulad mo sa mga pagdiriwang na ginaganap sa iyong komunidad? Bakit?



3. Sa iyong palagay, ano ang mabuting dulot ng ibat ibang pagdiriwang sa iyong komunidad?



Aralin 4.3

# Mga Pagbabago sa Aking Komunidad

Sa mga nakaraang aralin, tinalakay ang kapaligiran at katangiang pisikal ng komunidad. Pinag-aralan ang mga bumubuo sa isang komunidad. Ganito pa rin ba ang anyo ng iyong komunidad sa kasalukuyan? May napansin ka bang pagbabago sa iyong komunidad? Ang mga pagbabagong iyan ang bibigyan ng pansin sa araling ito.

Sa araling ito, ang mag-aaral ay inaasahang:

1. matutukoy ang mga pagbabagong nagaganap sa komunidad sa iba-ibang larangan batay sa kuwentong mga nakatatanda ayon sa uri ng transportasyon; pananamit; libangan; bilang ng populasyon; at iba pa.
2. mailalarawan ang mga pagbabagong ito sa iba-ibang malikhaing pamamaraan;
3. mailalagaysa timeline ang mga pagbabagong naganap sa komunidad ayon sa pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari; at
4. makagagawa ng maikling sanaysay tungkol sa nabuong timeline.





Ano-ano ang pagbabagong nakikita mo sa iyong komunidad?

**Basahin:**

## Ang Aking Komunidad Noon at Ngayon

Ang aking komunidad ay nasa tabing-dagat. Simple ang pamumuhay dito. Malawak ang lupang sakop nito. Mayroon ditong ilog, bundok at sakahan.

Minsan, nagtanong ako sa aking Lolo at Lola kung ano ang anyo ng aming komunidad noon. Ito ang kanilang kuwento:




Sa paglipas ng panahon, nagsimula ng magkaroon ng pagbabago ang aking komunidad. Taong 1980, nadagdagan ang taong nanirahan dito. Dumamiang mga bahay.Nagkaroon ng kuryente at nagkailaw ang maraming kabahayan.Nagkaroon din ng paaralan na may apat na baitang at dalawang guro.



**Sagutin:**


1. Saan matatagpuan ang komunidad ayon sa kuwento?

2. Ilarawan ang kanilang kasuotan noon, gayundin ang kanilang libangan, transportasyon at populasyon. Kopyahin ang halimbawa sa ibaba.




3. Ano-ano ang pagbabagong naganap sa komunidad matapos ang ilang taon?

4. Kaya mo bang ilarawan ang mga pagbabago sa iyong komunidad noon at ngayon? Ipakita ito gamit ang Venn Diagram sa Ibaba.







**A. Isulat sa papel ang Noon o Ngayon ayon sa sinasabi ng bawat kalagayang nagaganap sa isang komunidad.**

1. Bangkang de sagwan ang kanilang sinasakyan.
2. Ilaw na de gaas ang kanilang ginagamit sa gabi
3. Makabago at sunod sa uso ang kanilang kasuotan.
4. Pangangaso, pangingisda at pagsasaka gamit ang makalumang pamamaraan ng paghahanapbuhay.
5. Telebisyon, videoke, internet at banda ang kanilang libangan.
6. Pakikinig ng radio ang kanilang libangan.
7. Marami ang nakapag-aral at nakatapos ng kolehiyo.
8. Makabagoang mga kagamitan sa bahay.
9. Kuryente na ang ginagamit sa ilaw, paglalaba, pamamalantsa at pagluluto.
10. Baro at saya ang karaniwang suot ng mga kababaihan.

**B. Iguhit sa papel ang mga pagbabagong naganap sa iyong komunidad. Gayahin ang tsart saibaba.**

| | Noon | Ngayon |
|---|---|---|
| Bahay |  | |
| komunikasyon |  | |
| Sasakyan |  | |
| Libangan |  | |
| Kasuotan |  | |

**C. Idikit sa cartolina ang mga kinalap na larawan ng komunidad. Gayahin ang tsart sa ibaba.**

| 1980 | 1990 |
|---|---|
| **2000** | **Kasalukuyan** |

**C. Batay sa ginawang timeline ng iyong komunidad, sumulat sa papel ng 2-3 pangungusap tungkol dito.**




- ✓ Maraming pagbabago ang nagaganap sa iba't ibang bagay, lugar o pangyayari sa pagdaan ng mga taon dulot ng pag-unlad ng isang komunidad.

- ✓ May mga paraan upang makapangalap ng mga impormasyon tungkol sa iba-ibang pagbabago sa komunidad tulad ng pagtatanong sa mga nakatatanda, mga larawan at nakasulat na kasaysayan.




**Ayusin ang mga pangungusap ayon sa petsa nang maganap angpangyayari. Isulat sa papel ang tamang pagkakasunod-sunod.**

1. Nagkaroon ng telebisyon ang mga tahanan.
2. Dumating ang mga pamilya na unang nanirahan dito.
3. Lumuwang ang kalsada at naging konkreto.
4. Nagkaroon ng paaralan na may dalawang grado sa aking komunidad.
5. Nagsimulang dumami ang mga sasakyan.

Aralin 4.4

# Mga Bagay na Nananatili sa Aking Komunidad

Sa nakaraang aralin, tinalakay ang mga pagbabago sa transportasyon, kasuotan, libangan, at iba pa sa iyong komunidad. Tatalakayin sa mga susunod na pahina ang mga bagay na nananatili pa o walang pagbabago sa iyong komunidad hanggang sa kasalukuyan.

Sa araling ito, ang mag-aaral ay inaasahang:

1. matutukoy ang mga bagay na hindi nagbago o nanatili sa komunidad tulad ng pangalan ng estruktura; kalye o lugar; mga kinakain/pagkain; gusali; parke; hanapbuhay; at iba pa.
2. matutukoy ang mga dahilan kung bakit nanatili o hindi nagbago ang mga bagay na ito sa komunidad;
3. makasusulat ng maikling sanaysay tungkol sa mga bagay na nanatili sa komunidad;
4. maipakikita ang pagmamalaki sa mga bagay na nananatili sa komunidad sa iba-ibang pamamaraan; at
5. makabubuo ng paglalahat tungkol sa nagaganap na pagpapatuloy at pagbabago sa komunidad.




Ano ang mga bagay na hindi nagbago o nanatili sa iyong komunidad?

Ano kaya ang dahilan bakit nanatili o hindi nagbago ang mga bagay na ito?

Magagawa mo bang sumulat ng isang maikling sanaysay tungkol dito?

Paano mo maipakikita ang pagpapahalaga sa mga bagay na nanatili o hindi nagbago sa iyong komunidad?

**Basahin:**

## Mga Bagay na Nananatili sa Komunidad



Sa kabilang mga pagbabagong nagaganap sa bawat komunidad, may mga bagay na nanatili pa rin sa paglipas ng panahon.

Kabilang sa mga bagay na maaaring nanatili o hindi nagbago sa ating komunidad ang pangalan nito, mga gusali, pagkain, estruktura at marami pang iba.







Kasama rin sa mga bagay nananatili o hindi nagbago ang ating mga paaralan, hospital, tulay at mga kalsada.

Sa kasalukuyan ay makikita pa rin sa ating komunidad ang mga bagay na ito dahil inalagaan at iningatan ng ating mga nakatatanda.

Angpananatili ng mga bagay na ito ang buhay na saksi ng kasaysayan ng mga saling lahing nakaraan at ng kasalukuyan.






**Sagutin:**

1. Ano-ano ang binanggit na nananatili pa rin sa komunidad hanggang sa kasalukuyan?
2. Ano ang dapat gawin upang mapanatili ang mga bagay na ito?
3. Alin ang hindi nabanggit sa usapan na nananatili pa rin sa iyong komunidad hanggang sa kasalukuyan?
4. Paano ito pinangangalagaan sa iyong komunidad?




**A. Isagawa:**

1. Gamit ang pormat sa ibaba, mangalap ng mga impormasyon tungkol sa mga bagay na di nagbago o nanatili sa iyong komunidad.
2. Alamin ang dahilan ng pananatili ng mga ito.
3. Magtanong sa mga matatanda sa iyong komunidad.
4. Isulat ang sagot sa papel.

| TANONG | Sagot |
|---|---|
| 1. Ano-ano ang mga bagay na hindi nagbago sa ating komunidad? | |
| 2. Ano ang dahilan at nanatili ito sa ating komunidad? | |
| 3. Paano pinahahalagahan ang pananatili ng mga ito? | |

**B.Isagawa:**

1. Mangalap ng mga larawan ng mga bagay na nananatili o di nagbago sa iyong kumunidad.
2. Kung walang larawan, maaari ring iguhit ang mga bagay na ito.
3. Isaayos ang mga larawan sa isang manila paper upang makabuo ng collage.
4. Ipaskil ito.

**C. Basahin ang tanong sa kahon. Pumili ng isa sa mga mungkahing gawain:**







| |
|---|
| Paano mo maipakikita ang pagpapahalaga sa mga bagay na nananatili sa iyong komunidad? |

Mga Mungkahing Gawain:

- tula
- awit
- tugma
- rap
- at iba pang malikhaing paraan

**D.** **Pag-aralan ang tsart sa ibaba. Bumuo ng 2-3 pangungusapna magbubuod dito. Isulat sa papel ang nabuong paglalahat.**

| Larawan ng Pagbabago | Larawan ng Di-Nagbago |
|---|---|
| <br><br> | <br><br><br> |




- ✓ May mga bagay sa ating komunidad na nanatili o hindi nagbago tulad ng pangalan, pagkain, gusali, estruktura at iba pa batay sa kuwentong mga nakatatanda.
- ✓ Dapat alamin ang mga dahilan kung bakit nanatili o hindi nagbago ang mga bagay na ito sa isang komunidad.
- ✓ Pangalagaan at ipagmalaki ang mga bagay na nanatili o hindi nagbago sa pagkatito’y bahaging mahalagang kasaysayan ng isang komunidad.




**Basahin ang bawat pangungusap. Piliin ang letra ng tamang sagot at isulat sa sagutang papel.**

1. Ang sumusunod na mga bagay ay hindi nanatili o nagbabago sa isang komunidad maliban sa isa, alin ito?
   **A.** tulay
   **B.** gusali
   **C.** pangalan
   **D.** mga kagamitan

2. Alin sa sumusunod ang maaaring gawin sa isang gusali tulad ng aklatan na nananatili pa rin sa komunidad hanggang sa kasalukuyan?
   **A.** Ingatan ang mga kagamitan
   **B.** Panatilihin ang kalinisan nito
   **C.** Gamitin nang maayos
   **D.** Lahat at tama

3. Sino ang higit na makapagbibigay ng wastong impormasyon tungkol sa naganap na mga pagbabago sa komunidad.
   **A.** kaibigan
   **B.** kamag-aral
   **C.** kapitbahay
   **D.** nakatatanda

4. Alin sa mga katangiang ito ang dapat ipakita ng mga tao kaugnay ng pananatili o hindi pagbabago ng mga bagay sa ating komunidad?
   A. pagmamahal
   B. pagmamalaki
   C. pagpapahalaga
   D. lahat nang nabanggit

5. Ano ang dapat gawin sa mga bagay na nanatili sa ating komunidad?
   A. Palitan ng mas maganda.
   B. Pabayaan hanggang masira.
   C. ingatan, alagaan at ipagmalaki.
   D. bigyan ng pansin tuwing may okasyon.



## Ikalawang Markahang Pagsusulit

**I. Piliin ang tamang sagot mula sa mga salitang nasa loob ng panaklong. Isulat sa papel ang sagot.**


5. Ang Pasko ay pagdiriwang na (pansibiko, panrelihiyon).
6. Ang Araw ng Kalayaan ay pagdiriwang na (pansibiko, panrelihiyon).
7. Ang Mangyan ay nagmula sa (Marinduque, Mindoro).
8. Ang pinuno ng komunidad ay ang (Kapitan, Mayor).
9. Ang katapat ng Hilaga ay (Timog, Silangan).

**II. Isulat ang TAMA kung wasto ang isinasaad ng pangungusap at MALI kung hindi.**

1. Ang maruming kapaligiran ay makabubuti sa ating kalusugan.
2. May walong pangunahing direksiyon
3. Ang kapatagan ay nag-iisang anyong lupa sa Pilipinas.
4. Ang populasyon ay ang dami ng taong naninirahan sa isang lugar.


5. Ang talon ng Pagsanjan ay isa sa mga anyong tubigng bansa.
6. Ang Linggo ng Wika ay Pagdiriwang na panrelihiyon
7. Ang pagtotroso ay sanhi ng pagbaha sa isang lugar.
8. Ang Health Center ay inilaan upang magbigay ng libreng serbisyong pangkalusugan sa mga mamamayan.
9. Pangunahing hanapbuhay sa Pilipinas ang pagsasaka.
10. Ang paggawa ng alahas ay kaugnay ng hanapbuhay na pagmimina.

**III. Isulat kung anong anyong lupa o anyong tubig ang nakalarawan.**

1. 

2. 

3.



4.




5.



6.



**Pag-aralan ang mapa. Isulat kung saang direksiyon makikita ang mga bumubuo ng komunidad.**





# Ikatlong Yunit

# Buhay Komunidad: Hanapbuhay at Pamumuno




Ang yunit na ito ay naglalaman ng kamalayan at pag-unawa sa konsepto ng hanapbuhay, pamumuno,paglilingkod atpamumuhay sa komunidad.

Ito ay nahahati sa dalawang (2) modyul:

Modyul 5 – Mga Hanapbuhay at Pamumhay sa Komunidad

Modyul 6 – Pamumuno at Paglilingkod sa Komunidad

Sa yunit na ito, inaasahang maipamamalas ng mag-aaral ang:

- pag-unawa sa konsepto ng likas na yaman;
- pagtukoy at paglalarawan sa iba-ibang uri ng likas na yaman: yamang lupa at yamang tubig
- pagtukoy at pagkilala sa mga produktong galing sa likas na yaman ng komunidad at iba pang pinanggagalingan nito;
- pag-unawasa konsepto ng hanapbuhay;
- pagtukoy at paglalarawan sa uri ng hanapbuhay ng mga tao sa komunidad;
- pag-uugnay ng uri ng hanapbuhay sa kapaligiran ng komunidad;
    - panahon
    - lokasyon
    - likas na yaman

- pagtukoy at pagtalakay sa epekto ng hanapbuhay sa pangangailangan ng pamilya at komunidad;
- pagbibigay-kahulugan sa badyet;
- paggawa ng simpleng badyet ng
- mag-aaral para sa isang araw base sa kanyang baon;
- pagbuo ng paglalahat tungkol sa kahalagahan ng hanapbuhay;
- pag-unawa sa konsepto ng  pinuno at pamumuno;
- pagtukoy at pagkilala sa mga pinuno ng komunidad at kanilang tungkulin;
- paglalarawan sa karapat-dapat na katangian ng isang pinuno;
- pag-unawasa konsepto ng paglilingkod;
- pag-uugnay ng konsepto ng pamumuno at paglilingkod sa tao at komunidad;
- pagbibigay-halaga sa pamumuno bilang paglilingkod sa tao at komunidad; at
- pagbibigay ng mungkahi na maaaring gawin upang palakasin ang tama, maayos at makatuwirang pamumuno.

Modyul 5

# Mga Hanapbuhay at Pamumuhay sa Komunidad






Ang modyul na ito ay naglalaman ng mga kasanayan, kamalayan, pag-unawa at pagpapahalaga sa hanapbuhay at produktong nagpapakilala sa komunidad gamit ang konsepto ng likas na yaman.

Ito ay nahahati sa apat na (4) aralin:

Aralin 5.1: Mga Likas na Yaman sa Aking Komunidad

Aralin 5.2 : Mga Hanapbuhay sa Aking Komunidad

Aralin 5.3 : Mga Produkto sa Aking Komunidad

Aralin 5.4 : Ang Pamumuhay sa Komunidad

Sa modyul na ito, ang mag-aaral ay inaasahang:

- mauunawaan ang kahulugan ng likas na yaman;
- matutukoy at mailalarawanang iba-ibang uri ng likas na yaman;
    - yamang lupa
    - yamang tubig

- matutukoy at mailalarawanang mga produktong galing sa likas na yaman ng komunidad at iba pang pinanggagalingan nito;
- mauunawaan ang kahulugan ng hanapbuhay;
- matutukoy at mailalarawanang uri ng hanapbuhay ng mga tao sa komunidad
- maiuugnay ang uri ng hanapbuhay sa kapaligiran ng komunidad;
  - panahon
  - lokasyon
  - likas na yaman
- matutukoyang epekto ng hanapbuhay sa pangangailangan ng pamilya at komunidad;
- maibibigay ang kahulugan ng badyet
- makagagawa ng simpleng badyet ng mag-aaral sa isang araw base sa kanyang baon; at
- makabubuo ng paglalahat tungkol sa kahalagahan ng hanapbuhay.




# Mga Likas na Yaman sa Aking Komunidad

Sagana sa likas na yaman ang bawat komunidad.Dito nakasalalay ang uri ng hanapbuhay ng mga tao. Ito rin ang pinanggagalingan ng mga produkto ng komunidad. Sa wastong paggamit nito nakasalalay ang pag-unlad ng tao at ng lugar. Kaya dapat nating pag-ingatan ang paggamit nito.

Sa araling ito, ang mag-aaral ay inaasahang:

1. mabibigyang-kahulugan ang salitang likas na yaman;
2. matutukoy ang iba-ibang uri ng likas na yaman:
   2.1 yamang lupa;
   2.2 yamang tubig;
3. matutukoy ang mga yamang nakukuha sa anyong lupa at anyong tubig;
4. maiisa-isa ang mga likas na yamang nagpapakilala sa komunidad; at
5. maipakikita ang pagpapahalaga sa mga likas na yamang nagpapakilala sa komunidad sa malikhaing paraan.




Alam mo ba kung ano ang kahulugan ng likas na yaman? Ano-ano ang yamang nakukuha mula sa likas na yaman ng iyong komunidad**?**

Paano mo ipinakikita ang agpapahalaga sa likas na yaman**?**

**Basahin:**


Maraming biyaya ang Diyos sa ating komunidad.  Ang lupa, gubat, mineral at tubig ay mga likas na yaman na kaloob ng Diyos sa atin.

Ang ***likas na yaman*** ay mga bagay na nagmumula sa kalikasan tulad ng lupa, kabundukan, kagubatan, karagatan, mga ilog at lawa maging ang mga deposito ng mineral. Ang mga ito ay tinatawag na kayamanang mana ng bansa.

Dalawa sa ating likas na yaman ay makikita sa mga anyong lupa at anyong tubig. Ang mga bagay na nakukuha sa mga anyong lupa ay tinatawag na **yamang lupa**.

Ang mga bagay na nakukuha sa mga anyong tubig ay tinatawag na **yamang tubig**.

Pagmasdan ang mga nasa larawan.



Alin sa mga larawan sa kahon ang yamang lupa? Kulayan ng **dilaw** ang mga ito.Alin sa mga larawan ang mga yamang tubig? Kulayan ang mga itong **asul.**

**Sagutin:**

1. Ano ang kahulugan ng likas na yaman?
2. Ano ang tawag sa mga bagay na nakukuha sa mga anyong lupa? sa anyong tubig?
3. Ano-anong anyong lupa mayroon sa iyong kumunidad? Anong yaman ang nakukuha rito?
4. Ano-anong anyong tubig mayroon sa iyong komunidad? Anong yaman ang nakukuha rito?
5. Paano pinangangalagaan ng iyong komunidad ang mga anyong lupa at anyong tubig?




A. Iguhit sa papel ang mga yamang lupa at yamang tubig na nakukuha sa iyong komunidad. Kulayan.

B. Pagsama-samahin sa isang manila paper upang makagawa ng isang malaking collage. Ipaskil sa bulletin board.

C. Gumawa ng poster tungkol sa pangangalaga ng mga yamang tubig. Lagyan ito ng pamagat.

D. Gumawa ng isang babala tungkol sa pangangalaga sa mga yamang lupa. Isulat sa cartolina. Idikit sa mga daanang lugar upang mabasa ng mga mag-aaral.




- ✓ Sagana sa yamang lupa at yamang tubig ang bawat komunidad.  May iba-ibang anyong lupa at anyong tubig na pinagkukunang yaman ngbawat komunidad.
- ✓ Mahalaga ang mga yamang lupa at yamang tubig kaya't dapat pangalagaan. Ang mga ito ang pangunahing pinagkukunan ng pang-araw-araw na pangangailangan ng mga naninirahan sa komunidad upang mabuhay.




**A. Isulat ang Yl kung yamang lupa at Yt kung yamang tubig.**

1. isda
2. palay
3. hipon
4. bulaklak
5. hipon
6. punongkahoy
7. kabibe
8. prutas
9. perlas
10. ibon

**B. Isulat ang <u>T</u> kung nagsasaad ng pangangalaga sa yamang tubig at <u>L</u> kung nagsasaad ng pangangalaga sa yamang lupa.**

1. paglilinis ng mga kanal
2. pagtatanim ng mga puno sa tabi ng ilog
3. paglalagay ng basura sa tamang lalagyan
4. paggamit ng lambat na may malalaking butas
5. pagpapanatili ng kalinisan ng mga ilog at dagat
6. pagtatanim ng mga puno sa dalisdis o gilid ng bundok
7. pag-iwas sa paggamit ng dinamita o paputok sa paghuli ng isda
8. hindi pagputol ng mga punongkahoy nang walang kapalit at pahintulot ng Department of Environment and Natural Resources (DENR)
9. pagbabawal sa pagsusunog o pagkakaingin sa mga kagubatan at kabundukan
10. pagbabaon ng mga bagay na madaling mabulok at matunaw bilang pataba sa lupa at halaman




# Mga Hanapbuhay sa Aking Komunidad

Ang hanapbuhay ay isa sa pinakamahalagang aspeto ng isang komunidad. Ang kinikita sa paghahanapbuhay ang tumutugon sa pangunahing pangangailangan ng pamilya. Dito rin nakasalalay ang ikabubuhay at ikauunlad nila.

Sa araling ito, ang mag-aaral ay inaasahang:

1. mabibigyang-kahulugan ang salitang "hanapbuhay";
2. matutukoy ang mga hanapbuhay ng mga tao sa komunidad;
3. maiuugnay ang uri ng hanapbuhay sa kapaligiran:
    - panahon;
    - lokasyon; at
    - likas na yaman;
4. makapangangalap ng kuwento tungkol sa karanasan ng isang taong may hanapbuhay; at
5. maipaliliwanag ang epekto ng hanapbuhay o kawalan ng hanapbuhay sa pamilya at komunidad





Mahalaga ba ang mga hanapbuhay na ito?

Alam mo ba kung ano-anong uri ng hanapbuhay mayroon sa iyong komunidad?

**Basahin:**

## Hanapbuhay sa Komunidad


Mga karaniwang hanapbuhay ng mga tao sa komunidad:






Pangingisda ang isa sa mga pangunahing hanapbuhay sa komunidad na malapit sa dagat at lawa. Kaugnay nito ang pagdadaing, pagtitinapa at pagbabagoong ng mga nahuling isda.

Pagsasaka ang angkop na hanapbuhay sa komunidad na may malawak na sakahan. Kaugnay nito pagtatanim ng palay at mga gulay na siyang iniluluwas sa mga kabayanan at pamilihan.





Ang pagkakarpintero ay isa rin sa mga hanapbuhay sa komunidad. Sila ang gumagawa ng mga bahay, upuan, mesa at iba pang kagamitang yari sa kahoy.

Ang pagtuturo ay isa ring hanapbuhay sa komunidad. Ang mga guro ang siyang nagtuturo sa mga mag-aaral sa paaralan.






Ang pananahi ay isa rin sa hanapbuhay sa komunidad. Ang  sastre ang nananahi ng mga kasuotang panlalaki. Ang modista naman ang tumatahi ng mga kasuotang pambabae.

Ang paggawa ng tinapay ay isa rin sa pinagkikitaan sa komunidad.





Ang paghahayupan ay mainam ring hanapbuhay sa komunidad. May mga nagmamanukan at babuyan. Mayroon ding bakahan, at itikan.

Isa rin sa mga hanapbuhay ang pagiging "domestic helper" o kasambahay sa ibang bansa. Tinatawag din silang Overseas Filipino Worker (OFW).



May mga pagkakataon na ang katangiang pisikal ng isang komunidad ay iniuugnay sa pamumuhay at hanapbuhay ng mga tao. Iba-ibang paraan ang ginagawang pag-aangkop ng tao sa kaniyang kapaligiran at hanapbuhay.

Ang hanapbuhay ng mga tao sa pamayanang
urban o lungsod at bayan ay karaniwang sa mga pabrika, opisinao maaaring sa sariling tahanan lamang.

Ang mga naninirahan sa alin mang komunidad ay gumagawa ng paraan upang makiayon sa kalagayan ng kanilang komunidad. Ang pag-aangkop na ito ay hindi lamang sa paghahanapbuhay. Kasama rito ang pag-aangkop ng tirahan, pananamit, pananim at mga gawain.

Anumang uri ng hanapbuhay o pagkakakitaan kung ito ay marangal, dapat itong ipagmalaki at pahalagahan.

**Sagutin:**

1. Ano-ano ang hanapbuhay na inilarawan sa iyong binasa?
2. Ano ang mangyayari kung walang hanapbuhay ang isang tao?
3. Ano ang maitutulong ng taong may hanapbuhay sa kaniyang komunidad at sa kaniyang pamilya?

4. Ano ang kaugnayan ng katangiang pisikal ng isang lugar sa uri ng hanapbuhay ng mga naninirahan dito?
5. Ano-ano pa ang hanapbuhay sa iyong komunidad na hindi nabanggit sa talata?





**A. Hanapin sa loob ng kahon ang tinutukoy na hanapbuhay sa bawat bilang.Isulat ang letra ng sagot sa papel.**

| | |
|---|---|
| **A. Guro** | **G. Bumbero** |
| **B. Nars** | **H. Mananahi** |
| **C. Pulis** | **I. Karpintero** |
| **D. Tubero** | **J. Magsasaka** |
| **E. Doktor** | **K. Mangingisda** |
| **F. Dentista** | |

1. Gumagawa ng ating tirahan
2. Humuhuli sa masasamang tao
3. Gumagamot sa mga may sakit
4. Nangangalaga sa ating ngipin
5. Sumusugpo sa sunog sa komunidad

6. Nagtatanim ng gulay, palay at iba pang pananim
7. Nanghuhuli ng mga isda at iba pang mga pagkaing-dagat tulad ng hipon, alimasag at pusit
8. Nagtuturo sa ating bumasa at sumulat
9. Gumagawa ng ating mga kasuotan
10. Nagkukumpuni ng mga sirang tubo


**B. Kopyahin sa papel ang graphic organizer sa ibaba. Isulat ang mga hanapbuhay sa iyong komunidad.**




**C. Isagawa ang sumusunod:**

1. Maghanda ng malapad na papel o manila paper at krayola.
2. Iguhit ang hanapbuhay ng iyong tatay. Kulayan.
3. Magtanong sa tatay ng kanyang karanasan tungkol sa kanyang hanapbuhay. Sumulat  ng maikling kuwento.
4. Ikuwento ito sa klase gamit ang iginuhit na hanapbuhay nito.

**D. Gamitin ang *multi-flow map* upang maipakita ang epektong pagkakaroon ng hanapbuhay sa pamilya at sa komunidad.**









**Basahin at isaisip.**

HANAPBUHAY

- ✓ gawain, gampanin o tungkulin na isinasagawa o isinasakatuparan ng isang tao upang makatanggap ng kapalit na salapi, gana o suweldo.
- ✓ tinatawag ang taong naghahanapbuhay bilang manggagawa, empleyado o trabahador

Ang hanapbuhay o kawalan ng hanapbuhay ay nakaaapekto sa pamilya at komunidad.




**A. Suriin ang mga nakatalang hanapbuhay sa bawat bilang. Piliin sa loob ng kahon ang angkop na lugar. Isulat sa papel ang letra ng tamang sagot.**

| | |
|---|---|
| A. Tabing-dagat | D. Lungsod |
| B. Kapatagan | E. Talampas |
| C. Kabundukan | F. Industriyal |

1. Pagpasok sa mga tanggapan
2. Paggawa ng lambat
3. Pag-aalaga ng baka
4. Pagmimina
5. Pagnenegosyo
6. Pag-aalaga ng kambing
7. Pagdadaing
8. Pagtatanim ng mais at tabako
9. Pagtitinda sa sentrong pamilihan
10. Pagtatanim ng gulay

**B. Sumulat sa papel ng isang pangungusap na nagbibigay kahulugan sa hanapbuhay.**

## Aralin 5.3

# Mga Produkto sa Aking Komunidad

Sa nakaraang aralin, tinalakay ang mga likas na yaman at hanapbuhay sa iyong komunidad. Tinukoy ang mga yamang tubig at yamang lupa na matatagpuan dito. Ang mga hanapbuhay na ito ang isa sa mga pinanggagalingan ng mga gawang produkto sa iba-ibang komunidad.

Sa araling ito, ang mag-aaral ay inaasahang:

1. matutukoy ang mga produktong matatagpuan sa komunidad;
2. mailalarawan ang pinanggagalingan ng mga produkto sa sarilingkomunidad;
3. maiisa-isa ang mga produktong nagpapakilala sa komunidad;
4. maiuugnay ang produktong matatagpuan sa komunidad sa uri ngkapaligiran; at
5. maipakikita ang pagpapahalaga sa mga produkto ng komunidad sa iba-ibang paraan.




Ano-ano ang produktong matatagpuan sa iyong komunidad?

Ano ang pinanggalingan nito?

Paano mo ipakikita ang pagpapahalaga sa mga produktong ito? Ano ang kaugnayan ng mga produktong ito sa kapaligiran ng iyong komunidad?

**Pagmasdan ang larawan.Sagutin ang tanong na kasunod:**




1. Ang komunidad na ito ay nasa lambak. May matabang lupa na angkop sa pagtatanim o pagsasaka. Angkop dito ang pagtatanim ng palay, mais, bulak, tubo, mani, pinya at tabako.

   Ano-ano kayang produkto ang maaaring gawin mula sa mga sangkap na ito?




2. Bulubundukin ang komunidad na ito. Pagtotroso ang pangunahing hanapbuhay ng mga naninirahan dito. Ano kayang produkto ang maaaring gawin ng mga tao mula sa troso?




3. Malawak at mataba ang lupa sa kapatagan ng komunidad na ito. Pagsasaka ang pangunahing hanapbuhay. Mga pangunahing pananim ang palay, tubo, pakwan, mais at mangga.

Ano kayang produkto ang galing sa mga tanim na ito?



4. Napaliligiran ng tubig ang komunidad na ito. Pangingisda at paninisid ng perlas, pangunguha ng kabibi, at iba pang lamang-dagat, ang hanapbuhay dito.
   Anong mga produkto ang maaaring gawin mula sa mga ito?



5. Ang komunidad na ito ay nasa lungsod. Ito ang bagsakan ng mga produktong galing sa iba-ibang komunidad. Dito matatagpuan ang mga pagawaan ng kendi, de-lata,

sapatos,tela at marami pang iba. Ano pang produkto ang maaaring ginagawa sa mga lungsod?

May iba-ibang produkto na matatagpuan sa iba-ibang komunidad. May komunidad na kilala sa paglalala ng banig na ginagawang mga bag, folder, sombrero, higaan at iba pa. Ang paggawa ng palayok na may iba-ibang disenyo ay isa rin sa mga produktong pinagkikitaan. Ang mga produktong tulad ng pinya, bayabas, kamote at iba pa ay ginagawang kendi, jam, jelly, pastillas at iba pang kakanin.

Sa mga komunidad na dinarayo ng mga turista, maraming produktong ginagawang *souvenir* ang makikita rito tulad ng *t-shirt* na may tatak ng pangalan ng lugar, mga sigay na may disenyo, wallet, bag at iba pa.

**Sagutin:**

1. Ano- anong produkto ang nagmumula sa paglalala?
2. Kung ang isang lugar ay dinarayo ng mga turista, anu-anong mga *souvenir*ang maaaring makita rito?
3. Ano-anong produkto sa ibang komunidad ang hindi pa nababanggit?




**A. Iguhit sa iyong papel ang mga produktong makikita o nagmumula sa iyong komunidad.**

**B. Magsaliksik tungkol sa produkto na nagpapakilala sa iyong komunidad. Iguhit ito sa loob ng kahon. Sumulat ng 1-2 pangungusap tungkol sa pinagmulan nito.**







- ✓ Ang bawat komunidad ay may mga ipinagmamalaking produkto na nanggagaling sa mga sangkap mula sa mga yamang lupa at yamang tubig.
- ✓ May mga produkto na nagpapakilala sa komunidad.
- ✓ Ang pagtangkilik sa sariling produkto ay nagpapakita ng pagpapahalaga rito.




**A. Isulat sa papel ang hinihinging impormasyon. Sundan ang halimbawa.**

| **Produktong Matatagpuan sa Iyong Komunidad** | **Pinagmulan** |
|---|---|
| Halimbawa: Pastillas | Kamote |
| | |
| | |

**B. Gumuhit ng tala sa iyong papel at iguhit sa loob nito ang mga produktong nagpapakilala sa iyong komunidad.**






# Ang Pamumuhay sa Komunidad

Ang pamumuhay sa komunidad ay nakasalalay sa uri ng kapaligiran nito. Iniuugnay ng mga naninirahan ang uri ng hanapbuhay sa kanilang kapaligiran. Ito ang pangunahing pinagkukunan ng kanilang ikinabubuhay.

Sa araling ito, ang mag-aaral ay inaasahang:

1. maitatala ang batayang pangangailangan ng pamilya sa komunidad;
2. mabibigyang kahulugan ang salitang "badyet" ;
3. makagagawa ng simpleng badyet para sa isang araw base sa talaan ng pangangailangan;
4. maiuugnay ang hanapbuhay sa pangangailangan ng pamilya; at
5. makabubuo ng paglalahat tungkol sa kahalagahan ng hanapbuhay sa pamumuhay ng mga tao sa komunidad.




Mahalaga ba ang pagkakaroon ng hanapbuhay sa pamilya?
Ano-ano ang pangunahing pangangailangan ng isang pamilya sa araw-araw?

Ano ang tinatawag na pagbabadyet?
Mahalaga ba ang pagbabadyet?Bakit?

**Basahin:**

**Pangangailangan ng Tao sa Komunidad**

May mga pangunahing pangangailangan ang tao upang mabuhay. Kasama sa mga pangangailangang ito ang pagkain, damit, at tirahan. Hindi mabubuhay nang maayos ang tao kung hindi matutugunan ang pangunahing pangangailangang ito. Kaya't ang bawat tao ay nagpupunyagi at nagsisikap sa paghahanapbuhay upang matustusan ang mga pangangailangan ng buong mag-anak.

Ang pagkakamit ng mga pangangailangan ng bawat pamilya ay base sa kinikita at uri ng kanilang hanapbuhay. Sa uri ng kanilang hanapbuhay nakasalalay ang dami ng kanilang kinikita na mailalaan sa mga pangangailangan. May mga taong malaki ang kinikita sa kanilang

hanapbuhay at ang iba naman ay kaunti lamang. Ito ang dahilan kung bakit nagkakaiba ang kalagayan sa buhay ng mga pamilyang bumubuo sa komunidad.

**Sagutin:**

1. Ano-ano ang pangunahing pangangailangan ng mga tao upang mabuhay?
2. Ano ang maaaring gawin ng mga tao upang matugunan ang kanilang pangangailangan?
3. Bakit may pagkakaiba-iba ang kinikita ng bawat pamilya sa komunidad?




**A. Basahin ang talata at sagutin ang kasunod na mga tanong.**

Ang pagbabadyet ay paglalaan ng salapi o halaga sa bawat pangangailangan ng buong pamilya tulad ng pagkain, damit,baon sa eskwela,pangangailangan sa loob ng tahanan tulad ng sabon, bigas asin, pang-ulam, gamot at iba pa. Ang mga ito ay ilan lamang sa pinaglalaanan ng kita ng ating mga magulang . Bilang mga anak, marapat lamang na gumastos tayo nang tama sa bawat halagang ibinibigay nila sa atin upang magkasya ang kinikita ng pamilya.

**MGA TANONG:**

1. Ano-ano ang pinaglalaanan ng kita ng isang simpleng mag-anak?
2. Ano ang tinatawag na pagbabadyet?
3. Ano- ano ang bagay na pinagkakagastusan ayon sa talata ng isang mag-anak?
4. May pagkakatulad ba sa inyong pangangailangan ang nabanggit sa talata?
5. Paano natin dapat gastusin ang salaping ibinibigay saatinng ating mga magulang?

**A. Gumawa ng badyet para sa isang araw na gastusin sa pagpasok sa paaralan. Gamitin ang talaan sa ibaba. Sagutin ang mga tanong.**

| PAGKAKAGASTUSAN | HALAGA/BADYET |
|---|---|
| | |
| | |
| | |
| **Kabuuang Halaga** | |

1. Magkano ang iyong baon sa paaralan sa isang araw?
2. Magkano ang kabuuan ng iyong gastos sa maghapon?
3. May natira ba sa baon mo para sa pag-iimpok? Magkano?
4. Kung walang natira, ano ang dapat mong gawin upang makapag-impok?

**B. Tanungin ang mga magulang tungkol sa kanilang kinikita at gastusin sa loob ng isang araw . Isulat sa talaan. Sagutin ang mga tanong.**

| **Naghahanapbuhay/Kumikita** | **Halaga ng Kita** |
|---|---|
| Tatay | |
| Nanay | |
| **Kabuuang Kita** | |
| **Gastusin sa Isang Buwan** | **Halaga** |
| 1. Pagkain | |
| 2. Pamasahe | |
| 3. Ilaw | |
| 4. Tubig | |
| 5. Gastusin ng mga Mag-aaral | |
| **Kabuuang Gastusin** | |

1. Magkano ang kabuuang kita ng iyong pamilya sa isang buwan?
2. Magkano ang kabuuang gastusin ng inyong pamilya?
3. May natira ba sa kabuuang kita ng pamilya? Magkano?
4. Ano ang masasabi mo sa kita at gastusin ng iyong pamilya? Sapat ba ang kinikita o kulang pa sa gastusin?

C. **Basahin ang sitwasyon. Sagutin ang mga tanong. Isulat ang sagot sa papel.**

Si Mang Nestor na isang karpintero at Aling Martha na isang labandera ay kumikita ng halagang Php 450.00 araw-araw. Mayroon silang limang anak.Ang tatlo ay nag-aaral sa elementary at ang dalawa ay maliliit pa. Dahil sa taas ng presyo ng mga bilihin, nahihirapan si Aling Martha na pagkasyahin ang kinikita nilang mag-asawa.

**Sagutin:**

1. Ano-ano ang hanapbuhay ng mag-asawang Mang Nestor at Aling Martha?
2. Magkano ang kabuuang kinikita ng mag-asawa?
3. Ilan ang kanilang mga anak?Ilan ang nag-aaral sa elementarya?
4. Ano ang masasabi mo tungkol sa kahalagahan ng hanapbuhay sa pangangailangan ng pamilya?




- ✓ Ang bawat pamilya ay may mga pangangailangan upang mabuhay nang maayos.
- ✓ Ang bawat pamilya ay dapat matutong magbadyet upang mapagkasya ang kinikita sa kanilang pangunahing pangangailangan.
- ✓ May malaking epekto ang uri ng hanapbuhay ng mga tao sa kanilang pangangailangan sa araw-araw.
- ✓ May pagkakaiba-iba ang uri ng pamumuhay ng mga tao dahil iba-iba ang hanapbuhay at laki ng kinikita nila.




**Basahin ang bawat pangungusap. Isulat sa papel ang letra ng tamang sagot.**


1. Alin sa sumusunod ang pangunahing pangangailangan ng mag-anak?
   A. sasakyan
   B. magandang bahay.
   C. pagkain, damit, tirahan
   D. makabagong kagamitan

2. Bakit mahalagang matututo ang isang tao ng simpleng pagbabadyet?
   A. upang hindi maubos ang pera
   B. upang malaman ang mga bibilhin
   C. upang mapagkasya ang kita sa mga gastusin
   D. upang maraming mabiling mga kagamitan at pagkain ng mag-anak

3. Alin sa sumusunod ang dapat unahing bilhin ng isang mag-anak?
   A. magagandang damit     C. cell phone
   B. mga sapatos     D. pagkain

4. Kung walang hanapbuhay ang magulang at maliliit pa ang mga anak, ano kaya ang epekto nito sa pamumuhay ng pamilya?
   A. hindi matutugunan ang pangunahing pangangailangan ng pamilya
   B. hindi mabibili ang mga pangangailangan sa tahanan
   C. hindi matutugunan ang pag-aaral ng mga anak
   D. lahat ay maaaring mangyari

5. Alin sa sumusunod ang tamang kahulugan ng salitang pagbabadyet?
   A. labis napaggastos ng salapi
   B. paggamit ng lahat ng kinita para sa buong pamilya
   C. pagbili ng mga bagay kahit hindi kailangan
   D. tamang paggastos ng salapi base sa pangangailangan



Modyul 6

# Pamumuno at Paglilingkod sa Komunidad






Ito ay naglalaman ng pag-unawa at pagpapahalaga sa pamumuno ng pinuno ng mga bumubuo ng isang komunidad. Nakasalalay sa pinuno at kanyang pamumuno ang pagkakaisa at pagtutulungan tungo sa kaunlaran ng lugar na kanyang nasasakupan.

Ito ay nahahati sa tatlong (3) aralin:

Aralin 6.1 – Pinuno at Pamumuno sa Komunidad
Aralin 6.2 – Paglilingkod sa Komunidad
Aralin 6.3 – Epekto ng Pamumuno at Paglilingkod sa Komunidad

Sa modyul na ito, inaasahang maipamamalas ng mag-aaral ang:

- pag-unawa sa konsepto ng pinuno at pamumuno;
- pagtukoy at pagkilala sa mga pinuno sa komunidad at kanilang tungkulin;
- paglalarawan sa karapat-dapat na katangian ng isang pinuno;
- pag-unawa sa konsepto ng paglilingkod;
- pag-unawa sa kaugnayan ng pamumuno at paglilingkod sa tao at komunidad;
- pagbibigay-halaga sa pamumuno bilang paglilingkod sa tao at komunidad; at pagbibigay ng mungkahing gawain upang mapalakas ang tama, maayos at makatuwirang pamumuno




# Pinuno at Pamumuno sa Komunidad

Ang tagumpay ng pamumuno sa isang komunidad ay nakasalalay sa talino at kahusayan ng pinuno nito sa pamamahala. Kailangang marunong siyang makiisa at makisalamuha sa bawat naninirahan dito. Mahalagang maunawaan ng bawat isa ang konsepto ng pinuno at pamumuno, tungkulin ng mga pinuno sa komunidad at ang kahalagahan ng kanilang pamumuno.

Sa araling ito, ang mag-aaral ay inaasahang:

1. mabibigyang kahulugan ang salitang " pinuno" at "pamumuno;"
2. matutukoy ang mga pinuno ng iba-ibang bumubuo ng komunidad; (halimbawa: simbahan-pari; paaralan-prinsipal)
3. mailalarawan ang katangian ng isang karapat-dapat na pinuno;
4. masasabi kung bakit kailangan ang pinuno; at
5. matutukoy ang tungkulin ng mga pinuno sa komunidad.




Kilala mo ba kung sino-sino ang namumuno sa iyong komunidad? Paano sila tumutulong sa mga tao at sa komunidad ?

Ano ang mangyayari kung walang pinuno?

Basahin:



Ang ***pamumuno*** ay pambihirang karapatan at mahalagang katungkulan.

Ang ***pinuno*** ang nangunguna at nangangasiwa sa gawaing itinakda ng isang pangkat, samahan, o kalipunan ng mga tao.

Ang kaunlaran at katahimikan ng isang komunidad ay nakabatay sa uri ng pinuno. Kinakailangang magpakita siya ng magandang halimbawana maaaring tularan. Matiwasay o masalimuot man ang mga nangyayari sa komunidad, ito ay nakasalalay sa uri ng pamamahala ng isang pinuno.

Narito ang ilan sa mga katangiang dapat taglayin ng isang pinuno:

- responsable;
- may disiplina sa sarili;
- naninindigan sa katotohanan;
- huwaran at modelo ng mabuting gawa;
- walang kinikilingan sa pagpapatupad ng batas;
- inuuna ang kapakanan ng mga tao sa komunidad; at
- mapagpakumbaba, matapat, at may pagpapahalaga sa mga karaniwang


**Sagutin:**

1. Ano ang kahulugan ng pamumuno? pinuno?
2. Mayroon ka bang kilalang pinuno na tumutugon sa mgakatangiang nabanggit?
3. Tumutupad ba siya sa kaniyang mga tungkulin?
4. Maaari mo bang ibahagi sa klase ang uri ng kaniyang pamumuno?




**A. Pag-ugnayin ang larawan sa Hanay A at pinuno sa Hanay B. Isulat ang letra ng sagot sa papel.**

**A** **B**

1. 


A. Prinsipal

2. 


B. Kapitan

3. 

C. Pari/Pastor/Imam

4. 

D. Doktor

5. 

E. Ama o Ina

## B. Isagawa:

1. Magsagawa ng panayam sa sinumang pinuno sa inyong komunidad.
   - Alamin ang kaniyang tungkulin sa komunidad.
   - Itanong sa mga tao sa barangay ang katangian ng piniling pinuno.
   - Itala ang mga impormasyon sa Notebook/Sagutang Papel.

2. Iulat sa klase ang resulta ng panayam. Gamitin ang tsart sa ibaba.

| Mga Pinuno | Katangian | Tungkulin sa Komunidad |
|---|---|---|
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |

**C. Gumawa ng liham pasasalamat sa paborito mong pinuno ng komunidad bilang pagpapahalaga sa kaniyang nagawa. Gamiting halimbawa ang nasa ibaba.**

Mahal kong _______________,

Nais ko pong magpasalamat sa inyong nagawa para sa ating komunidad tulad ng:

__________________________________________________

__________________________________________________

__________________________________________________

____________________________________________.

__________________________________________________

____________________________________________.

Bilang pagpapahalaga po sa inyo, ipinapangako ko po na __________________________

____________________________________________________.

Nagmamahal,

__________________

Pangalan

## D. Tapusin ang pangungusap.

Kailangan ng isang komunidad ang isang mabuting pinuno upang

______________________________________________

______________________________________________

_________.




- ✓ Mahalaga ang isang pinuno para sa kaayusan, kaligtasan, katahimikan at kaunlaran ng isang komunidad.
- ✓ Dapat taglayin ng isang pinuno ang katangian ng pagiging maka-Diyos, makatao, makabansa at makakalikasan.
- ✓ Kailangan ang pakikipagtulungan ng mamamayan upang maging matagumpay ang mga proyekto ng isang komunidad, organisasyon o samahan.




**Sagutin kung Tama o Mali ang bawat pangungusap. Isulat ang sagot sa papel.**

1. Ang mabuting pinuno ay naglilingkod nang kusa at hindi naghihintay ng ano mang kapalit.
2. Hindi isinasaalang-alang ng namumuno ang damdamin ng mga mamamayan na kaniyang nasasakupan.
3. Malaki ang bahaging ginagampanan ng isang pinuno sa pagpapabuti ng pamumuhay sa komunidad.
4. Kailangan ang pagtutulungan ng pinuno at mga kasapi ng pangkat upang magtagumpay sa kanilang layunin.
5. Kung hindi maayos ang pamumuno, maaaring magkawatak-watak ang mga tao sa isang komunidad.

Aralin 6.2

# Paglilingkod sa Komunidad

Sa nakaraang aralin, nalaman mo ang pamumuno ng mga pinuno sa iyong komunidad. Sa mga susunod na pahina,tatalakayin ang paglilingkod ng pinuno ng mga bumubuo ng iyong komunidad.

Sa araling ito, ang mag-aaral ay inaasahang:

1. matutukoy at makikilala ang taong nagbibigay ng paglilingkod sa komunidad;
2. mailalarawan ang mga katangian at nagawa ng mga naglilingkod sa komunidad; at
3. makikilala ang mga mahahalagang tao/pamilyang nakaimpluweniya sa iba-ibang larangan sa buhay-komunidad.




Sino-sino ang tagapaglingkod sa iyong komunidad ?


Paano tinutulungan ng mga tagapaglingkod ang iyong komunidad sa pagtugon sa pangunahing pangangailangan nito?

**Basahin at pag-aralan:**

May mga taong nagbibigay ng paglilingkod sa ating komunidad na nakatutugon sa pangunahing pangangailangan ng mga naninirahan dito. Kilalanin sila.



**Magsasaka** – nagtatanim ng halaman upang pagkunan ng pagkain.




**Karpintero** – gumagawa at nagkukumpuni ng mga bahay, gusali at iba pang tirahan ng mga tao.




**Guro** – nagtuturo sa mga mag-aaral upang matuto sa iba-ibang asignatura at kagandahang asal.

**Tubero** – nag-aayos at nagkukumpuni ng linya ng tubo ng tubig patungo sa mga tahanan at iba pang gusali.




Narito naman ang mga nagbibigay ng paglilingkod para sa kalusugan ng komunidad.



**Nars** – tumutulong sa doctor sa pangangalaga ng mga maysakit.



**Doktor** – nagbibigay ng serbisyo ng panggagamot sa mga taong maysakit.



**Komadrona** – tumutulong sa doktor sa pagpapaanak .

**Barangay Health Worker** – umiikot sa komunidad upang ipaalam ang mga impormasyong pangkalusugan. Tumutulong sa Barangay Health Center.



**Kaminero** – naglilinis ng kalsada at daan upang mapanatili ang kalinisan ng kapaligiran ng komunidad.






**Basurero** – namamahala sa pagkuha at pagtatapon ng basura.

May mga tao ring naglilingkod para sa kaligtasan at kaayusan ng komunidad. Kilalanin sila.

**Bumbero** – tumutulong sa pagsugpo ng apoy sa mga nasusunog na bahayan, gusali at iba pa.





**Pulis** – nagpapanatili ng kaayusan at kapayapaan ng komunidad. Sila rin ang humuhuli sa mga nagkakasala sa batas.

**Kapitan ng Barangay** – namumuno sa kapakanan, kaayusan, kaunlaran at kapayapaan ng nasasakupang komunidad.





**Barangay Tanod** – tumutulong sa Kapitan ng Barangay sa pagpapanatili ng kaligtasan ng mga tao sa komunidad.

**Sagutin:**

1. Sino-sino ang nagbibigay ng paglilingkod para sa pagtugon sa:
    - pangunahing pangangailangan ng komunidad?
    - kaligtasan ng komunidad?
    - kalusugan?

2. Anong paglilingkod ang kanilang ginagawa para sa komunidad?

3. Mayroon din bang mga taong nagbibigay ng paglilingkod sa iyong komunidad na katulad ng mga nasa larawan?

4. Sino pa ang naglilingkod sa iyong komunidad na wala sa larawan?




**A. Iguhit sa papel ang mga taong naglilingkod para sa kalusugan ngiyong komunidad.**

**B. Pag-ugnayin ang tagapaglingkod at paglilingkod. Isulat ang letra ng sagot sa papel.**

1. Mananahi
2. Tubero
3. Karpintero
4. Barangay Health Worker
5. Komadrona
6. Kaminero
7. Basurero
8. Barangay Tanod

A. Tagapaglinis ng mga kalsada at kanal upang ang mga tao ay ligtas sa sakit.
B. Tumutulong sa Punong Barangay at mga Kagawad sa pagpapanatili ng katahimikan at kaayusan ng komunidad.
C. Nag-aayos ng mga tubong dinadaluyan ng tubig patungo sa mga tahanan.
D. Kumokolekta sa mga basura sa komunidad.
E. Gumagawa at nagkukumpuni ng iba-ibang kasuotan.
F. Tumutulong sa mga doktor sa pagpapalaganap ng kalusugan ng komunidad.
G. Gumagawa ng bahay.
H. Tumutulong sa mga ina sa kanilang panganganak.

## C. Isagawa:

1. Mangalap ng mga larawan ng taong kilala o sikat sa iba- ibang larangan sa iyong komunidad. Halimbawa: nakilala dahil sa masarap na banana chips na kanyang ginawa.
2. Idikit ang mga larawan sa kartolina at bumuo ng collage.
3. Lagyan ng pamagat.
4. Ipaskil.
5. Ikuwento sa klase




- ✓ May mga tao na nagbibigay ng paglilingkod para matugunan ang pangangailangan ng komumidad.
- ✓ May mga mahahalagang tao sa komunidad na nagbibigay ng malaking kontribusyon sa iba-ibang larangan . Nagsisilbi silang huwaran ng mga tao hindi lamang sa sariling komunidad kundi maging sa buong bansa.




**A. Suriin ang pangungusap. Isulat ang Tama kung wasto ang isinasaad. Kung mali, palitan ang salitang may salungguhit. Isulat ang sagot sa papel.**

1. Sinisiguro ng mga **kaminero** na malinis ang kapaligiran ng komunidad.
2. Mabilis ang mga **pulis**sa pagpatay ng sunog.
3. Tumutulong ang **komadrona** sa nanay kapag nagluluwal siya ng sanggol.
4. Tumutulong ang mga **traffic aide** sa kapitan ng barangay sa pagpapanatili ng kaayusan at kapayapaan sa komunidad.
5. Hinuhuli ng **bumbero** ang mga lumalabag sa batas.
6. Tinutulungan ng **nars** ang doktor sa pangangalaga sa mga maysakit.




# Epekto ng Pamumuno at Paglilingkod sa Komunidad

Ang pamumuno ng bawat pinuno ay may malaking epekto sa komunidad. Maaaring maganda o di-maganda ang bunga ng pamumuno at paglilingkod na kanyang ginagawa. Nakasalalay sa mabuting pamumuno ang ikakaunlad at ikaaayos ng isang komunidad.

Sa araling ito, ang mag-aaral ay inaasahang:

1. makapagbibigay ng mga halimbawa ng maayos at di-maayos na pamumuno sa komunidad;
2. mahihinuha ang epekto ng maayos na pamumuno at paglilingkod sa komunidad;
3. mahihinuha ang epekto ng di-maayos na pamumuno at paglilingkod sa komunidad; at
4. makapagbibigay ng mungkahi kung ano ang mga maaring gawin upang palakasin ang tama, maayos at makatuwirang pamumuno.




Kung hindi maganda ang uri ng pamumuno at paglilingkod ng mga pinuno, ano ang mangyayari sa komunidad?

**Basahin:**

## EPEKTO NG PAMUMUNO AT PAGLILINGKOD SA KOMUNIDAD

Ang isang komunidad ay binubuo ng mga tao. May mga lider o pinuno na siyang nangunguna sa pagpapaunlad ng kanyang kinabibilangang komunidad.

Ang kagandahan at kaunlaran ng isang komunidad ay nakasalalay sa uri ng pamumuno ng isang lider o pinuno. Iba-iba ang uri at paglilingkod na ginagawa at ipinakikita ng mga pinuno. May mga pinuno na naglilingkod nang mahusay at tapat sa kanyang tungkulin kaya madaling mapaunlad at mapaganda ang kanilang lugar. Kung mahusay ang pinuno, madaling pasunurin ang mga tao lalo na kung sa ikabubuti ng kapakanan ng nakararami.

Mayroon dingmga lider o pinuno na nagpapabaya at hindi naglilingkod nang tapat sa kanilang tungkulin. Ito ang dahilan kung bakit may kabagalan ang pag-unlad ng kanilang lugar. Halimbawa, walang nakatalagang lugar na pagtatapunan ng basura, ano ang magiging epekto nito sa kanyang komunidad? Maaaring maging sanhi ito ng mabilis na pagbaha kung panahon ng tag-ulan dahil sa nagkalat na basura. Kalimitang ang maruming tubig baha ang nagiging sanhi ng sakit lalo na sa mga bata.

**Sagutin:**

1. Ano ang magandang epekto ng mahusay na pamumuno?
2. Ano ang di-magandang epekto ng di-mahusay na pamumuno?
3. Ano-ano ang magandang epekto ngpamumuno na iyong nararanasan sa iyong komunidad?
4. Kung hindi maganda ang paglilingkod at pamumuno, ano kaya ang mangyayari sa komunidad?
5. Magbigay ng mga mungkahi o maaaring gawin upang palakasin ang tama, maayos at makatuwirang pamumuno sa isang komunidad




**A. Basahin ang talata at sagutin ang mga tanong. Isulat ang sagot sa papel.**



Ito ang Paaralang Elementarya ng San Gabriel. Pinamumunuan ito ni G. Reynaldo Advincula, ang Punongguro. Ang mga guro ay maayos na nagtuturo. Mataas ang antas ng pagkatuto ng paaralang ito batay sa resulta ng National Achievement Test o NAT.



**Sagutin:**

1. Anong uri ng pinuno si G. Reynaldo Advincula?
2. Ano pa ang mangyayari sa isang paaralan kung ang bawat pinuno ay katulad ni Mr. Reynaldo Advincula?

**B. Basahin ang talata at sagutin ang mga tanong.**

Ang Barangay San Antonio ay pinamumunuan ni Kapitan Zosimo Rosales. Siya ay nakulong dahil sa maling paggamit ng pondo ng barangay. Walang komukolekta ng basura, kaya dumami ang tambak nito sa paligid ng komunidad. Nagbara ang mga kanal na naging sanhi ng agarang pagbaha sa tuwing umuulan.

**Sagutin:**

1. Bilang isang bata, ano ang maitutulong mo sa ganitong kalagayan ng komunidad?Ilista ang iyong sagot sa papel.

**C. Basahin ang sitwasyon at sagutin ang tanong.**

Malinis ang Barangay Health Center. Maayos na nakapila ang mga nanay na magpapabakuna sa kanilang mga anak. Magagalang ang mga doktor, nars at Barangay Health Worker.

Ano kaya ang magiging epekto nito sa komunidad? Isulat o iguhit ang iyong sagot.

**D. Magbigay ng mga halimbawa ng epekto ng maayos at di-maayos na pamumuno sa iyong komunidad gamit ang tsart sa ibaba. Isulat ang sagot sa papel.**

| | **Epekto ng Maayos na Pamumuno** | **Epekto ng Di-Maayos na Pamumuno** |
|---|---|---|
| Sa tahanan | | |
| Sa paaralan | | |
| Sa Barangay Health Center | | |
| Sa mga tao | | |
| Sa pamumuhay | | |
| Sa komunidad | | |




- ✓ Ang pamumuno at paglilingkod ng isang lider o pinuno sa isang lugar ay may epekto sa pamumuhay ng mga tao.

- ✓ May maganda at di-magandang epekto sa pamumuhay ng mga tao ang uri ng paglilingkod ng isang lider o pinuno sa isang komunidad.

- ✓ Ang maayos pamumuno at paglilingkod ng isang lider o pinuno ay nakatutulong sa pagpapaunlad ng pamumuhay ng mga tao.

- ✓ Ang di-maayos na pamumuno at paglilingkod ng isang lider o pinuno ay nagiging dahilan ng pagkakaroon ng problema ng mga tao sa komunidad.




**Iguhit ang masayang mukha**  **kung ang pangungusap ay nagsasaad ng magandang epekto ng pamumuno sa komunidad at malungkot na mukha**  **kung hindi.**

1. Nagtutulungan ang mga tao sa mga gawain.
2. Malinis ang palengke at walang basurang nakakalat.
3. Malinis ang paligid, walang dumi o basurang nakakalat.
4. Maraming mga nag-aaway na mga tambay sa kalsada.
5. Iba-iba man ang relihiyon, subalit may pagkakaisa at pagtutulungan ang bawat isa.
6. May mga ordinansang ipinatutupad ang Sangguniang Barangay para sa kabutihan ng mamamayan.
7. Nagbabayad ang mga tao para sa malinis na patubig.
8. Walang mga Barangay Tanod na nagpapatrolya sa gabi para pangalagaan ang kaligtasan ng mga tao.




## Ikatlong Markahang Pagsusulit


**I. Isulat sa Sagutang Papel ang YL kung yamang lupa ang tinutukoy at YT kung yamang tubig.**

1. isda
2. palay
3. perlas
4. kabibe
5. kalabaw

**II. Kilalanin ang nasa larawan. Isulat ang sagot sa Sagutang Papel.**

1. 

2. 

3. 

4. 

5. 

**III. Piliin sa ibaba ang paglilingkod na ginagawa ng mga tagapaglingkod sa komunidad.Isulat ang letra ng sagot sa Sagutang Papel.**

1. Health Inspektor
2. Elektrisyan
3. Kaminero
4. Tubero
5. Barangay Tanod

A. Tagapaglinis ng mga kalsada at kanal upang ang mga tao ay ligtas sa sakit.
B. Tumutulong sa Punung Barangay at mga kagawad sa pagpapanatili ng katahimikan at kaayusan ng komunidad.
C. Nag-aayos ng mga tubong dinadaluyan ng tubig patungo sa mga tahanan.
D. Nagsusuri ng mga pagkaing itinitinda sa mga pamilihan upang matiyak ang kalinisan
E. Naglilinya ng kuryente papunta sa mga kabahayan at sa buong komunidad

**IV. Piliin ang tamang sagot. Isulat ang letra ng sagot sa Sagutang Papel.**

1. Sa isang komunidad na nasa lambak at maymatabang lupa, anong hanapbuhay ang angkop dito?
   A. pagtuturo
   B. pagsasaka
   C. pagmimina
   D. pangingisda

2. Napaliligiran ng dagat ang kanilang komunidad, ano ang magiging hanapbuhay ng mga tao rito?
   A. pagtatanim
   B. pagmimina
   C. paghahabi
   D. pangingisda

3. Alin sa sumusunod ang pangunahing pangangailangan ng mag-anak?
   A. mga laruan
   B. magandang bahay
   C. masasarap na pagkain
   D. pagkain, damit at tirahan

4. Ano ang epekto sa komunidad kung may hanapbuhay ang magulang ng bawat tahanan?

   A. mapapaaral ang mga anak
   B. magiging masaya ang buong pamilya
   C. magiging maunlad at tahimik ang komunidad
   D. matutugunan ang pangangailangan ng buong mag-anak

5. Alin sa sumusunod ang tamang kahulugan ng pagbabadyet?

   A. tamang pagtatabi ng salapi
   B. tamang pagbili ng pangangailangan
   C. tamang paggasta sa pagbili ng lahat ng kailangan sa buhay
   D. tamang paggasta ng salapi batay sa pangangailangan

6. Siya ang nangunguna at nangangasiwa sa gawaing itinakda sa isang pangkat, samahan o kalipunan ng mga tao.

   A. pari
   B. pinuno
   C. mga samahan
   D. grupo ng mga tao

7. Sila ay tumutulong sa Punong Barangay atsa mga Kagawad sa pagpapanatili ng katahimikan at kaayusan  kg komunidad.
   A. Pulis
   B. Kaminero
   C. Barangay Tanod
   D. Barangay Health Worker

8. Kung naglilingkod nang mahusay  ang isang pinuno, ano ang magiging bunga nito sa komunidad?
   A. magiging mapayapa  ang buong komunidad
   B. magiging masipag ang mga mamamayan
   C. may pagbabago at kaunlaran sa komunidad
   D. lahat nang nabanggit

9. Ang sumusunod ay epekto kung ang isang lider o pinuno ay nagpapabaya at hindi naglilingkod nang tapat sa kaniyang nasasakupan,maliban sa isa. Alin ito?
   A. magiging marumi ang buong komunidad
   B. magkakaroon ng problema sa kalusugan
   C. mabagal ang pag-unlad ng buong komunidad
   D. magkakaroon ng katahimikan ang buong komunidad

10. Alin ang nagpapakita ng magandang katangian ng isang pinuno?
   A. Nagpapakain sa mga taong kilala sa lipunan
   B. Hindi tumutupad sa kaniyang mga pangako
   C. Walang pag-aaruga sa mga batang mahihirap
   D. Tumutulong sa mga tao lalo na sa oras ng kalamidad



# Ikaapat na Yunit

# Pagiging Bahagi ng Komunidad




Ang yunit na ito ay naglalaman ng mga kaalaman tungkol sa kamalayan at pagpapahalaga ng mga tao sa kanilang mga gawain at tungkulin bilang bahagi ng komunidad.

Ito ay nahahati sa dalawang (2) modyul:

Modyul 7 –Serbisyo sa Komunidad

Modyul 8 – Ang Aking Papel sa Komunidad

Sa yunit na ito, inaasahang maipamamalas ng mag-aaral ang:

- paglalahad ng kahalagahan ng mga serbisyo sa komunidad tulad ng:
  - pag-aalaga sa kalikasan;
  - kalusugan;
  - edukasyon;
  - seguridad;
  - kaalinisan; at
  - iba pa;
- pagtukoy at pag-unawa sa mga karapatan ng bawat kasapi ng komunidad;
- pagpapakita ng pagpapahalaga ng mga kasapi ng komunidad sa sariling buhay;
- pagtukoy ng sariling pananagutan bilang kasapi ng komunidad;

- pagtukoy at pagpapakita ng pagsunod sa mga alituntunin ng komunidad;
  - pagtukoy at paglalarawan sa mga gawaing nagpapakita ng pagtutulungan at pakikipagkapwa;
  - pagpapakita ng kahalagahan ng sariling papel at tungkulin sa komunidad; at
  - pagpapahayag ng sariling pangarap para sa kinabibilangang komunidad at mga dapat isaisip, isapuso at isagawa upang matupad ang pangarap na ito.

Modyul 7

# Ang Kahalagahan ng Serbisyo sa Komunidad






Ang modyul na ito ay naglalaman ng kamalayan, pag-unawa at pagpapahalaga sa mga serbisyong ibinibigay ng mga bumubuo sa komunidad at mga karapatan ng bawat kasapi nito.

Ito ay nahahati sa dalawang (2) aralin:

Aralin 7.1 Mga Serbisyo sa Komunidad
Aralin 7.2 Mga Karapatan sa Aking Komunidad

Sa modyul na ito, inaasahan na maipamamalas ng mag-aaral ang:

- paglalahad ng kahalagahan ng mga serbisyo sa komunidad tulad ng:
  - pag-aalaga sa kalikasan;
  - kalusugan;
  - edukasyon;
  - seguridad;
  - at iba pa; at
- pagtukoy at pag-unawa sa mga
- karapatan ng bawat kasapi ng komunidad.

Aralin 7.1

# Mga Serbisyo sa Komunidad

Mahalaga ang serbisyong ibinibigay ng mga bumubuo ng komunidad. Dito nakasalalay ang kaunlaran at kaayusan ng pamumuhay ng mga taong naninirahan dito.


Sa araling ito, ang mag-aaral ay inaasahang:


1. maisa-isa ang mga serbisyong ibinibigay ng sumusunod na bumubuo ng komunidad;
   - pamilya;
   - paaralan;
   - barangay;
   - pamilihan;
   - simbahan o mosque;
   - sentrong pangkalusugan;
   - at iba pa;
2. mailarawan kung paano tumutugon ang mga serbisyo sa mga pangangailangan ng tao at komunidad; at
3. mahinuha mula sa serbisyong ito ang mga karapatan ng tao.





Ano-ano ang serbisyong ibinibigay ng mga bumubuo ng komunidad para matugunan ang pangunahing pangangailan ng tao?

**Basahin:**
**Serbisyong Totoo**




Magandang umaga po, Sir Manoos. Mukhang abala po kayo sa ating paaralan.
Oo nga po. Mayroon po tayong proyekto para sa mga batang hindi kayang pag-aralin ng magulang. Naghahanap po kami ng mga taong may kakayahang magbigay ng tulong pinansiyal.
PRINCIPAL




**Sagutin:**

1. Ano-anong serbisyo sa komunidad ang sinasabi sa usapan**?**
2. Bilang isang bata, paano mo pahahalagahan ang mga nabanggit na serbisyo sa komunidad**?** Ilarawan ang sagot.
3. Ano pang serbisyo ng mga bumubuo sa komunidad ang nararanasan mo na hindi nabanggit sa usapan**?** Isa-isahin ito.




**A. Pangkatang gawain:**

1. Maghanda ang bawat pangkat ng malapad na papel at krayola.
2. Iguhit ang mga taong kilala nila sa komunidad na nagbibigay ng serbisyo. Kulayan.
3. Magtulong-tulong ang bawat kasapi ng pangkat sa paggawa ng liham pasasalamat bilang pagpapahalaga sa kanilang serbisyo.
4. Tingnan sa kahon ang iguguhit ng pangkat at kanilang pasasalamatan.

| | |
|---|---|
| **Pangkat 1**<br>Prinsipal<br>Guro<br>Librarian<br>Dyanitor | **Pangkat 2**<br>Doktor<br>Nars<br>Barangay Health Worker |
| **Pangkat 3**<br>Kapitan ng Barangay<br>Mga Kagawad<br>Barangay Tanod | **Pangkat 4**<br>Magsasaka<br>Barber<br>Tindera<br>Bumbero |

**B. Balikan ang Gawain A. Itala kung anong karapatan ng bata ang tinutugunan ng mga serbisyong ipinakikita sa iginuhit na larawan.**

**C. Isagawa:**

1. Maghanda ng pangkulay at papel.
2. Magpangkat-pangkat na may tig-lilimang kasapi.
3. Gumuhit ng isang eksena sa tahanan, paaralan, o pamilihan na nagpapakita ng serbisyong ginagawa sa komunidad. Kulayan ang iginuhit na larawan.

2. Idikit sa paskilan ang mga gawang sining.




Maraming serbisyo ang ginagawa ng komunidad upang matugunan ang pangunahing pangangailangan ng mamamayan. Ilan sa mga ito ay:

- Pagpapagawa ng patubig upang magkaroon ng mabuting ani ang mga magsasaka.
- Pagtatayo ng Pamilihang Pangbarangay

- Pagtatayo ng Health Center
- Pagtatalaga ng mga Barangay Pulis o Barangay Tanod upang mapanatili ang kaligtasan ng bawat isa.
- Pagtatayo ng mga paaralan at pagbibigay ng libreng edukasyon sa elementarya at sekundarya
- Pagpapagawa at pagsasa-ayos ng mga kalsada at tulay
- Pagpapaganda at paglilinis ng parke at pasyalang pampubliko.




**Kopyahin ang talahanayan sa ibaba at itala dito ang mga bumubuo sa komunidad. Sa katapat nito ay isulat ang serbisyong ibinibigay nila sa mamamayan.**

| Bumubuo sa komunidad | Serbisyong Ibinibigay |
|---|---|
| | |
| | |
| | |




# Mga Karapatan sa Komunidad

Sa katatapos na aralin, nalaman mo ang serbisyong ibinibigay ng bawat bumubuo ng isang komunidad. Ang serbisyong ito ay tumutugon sa mga karapatan ng bawat mamamayan sa komunidad.

Sa araling ito, ang mag-aaral ay inaasahang:

1. masasabi ang kahulugan ng karapatan;
2. matutukoy ang mga karapatan sa buhay:
   ng sarili;
   ng pamilya;
   ng komunidad;
3. mailalarawan kung paano ipinatutupad ng komunidad ang mga karapatang ito;
4. matutukoy ang epekto ng pagpapatupad o hindi pagpapatupad ng mga karapatan sa buhay ng tao at komunidad;
5. matutukoy ang kahalagahan ng komunidad sa pagpapatupad ng mga karapatan; at
6. maiisa-isa ang mga katumbas na tungkulin sa bawat karapatang tinatamasa.




Ano ang kahulugan ng karapatan?
Ano-ano ang karapatang tinatamasa mo sa iyong komunidad?

Paano pinangangalagaan ng komunidad ang iyong mga karapatan?

**Basahin ang usapan:**

**Bawat Karapatan, May Pananagutan Ako**


Mahalagang malaman nating lahat ang ating mga karapatan. Tinatamasa ba natin ito sa ating mga komunidad?

Ito ang usapan ng ilang mga bata.



Ako ay isinilang na malusog. Binigyan ng pangalan at ipinarehistro sa tulong ng aming komadrona sa Barangay. Tungkulin kong pangalagaan ang aking pangalan.

Maliit lang ang aming tahanan subalit may pagmamahalan ang bawat isa sa aming pamilya. Inaalagaan kaming mabuti ng aking mga magulang. Bilang ganti, sinusunod ko ang lahat ng payo ng aking mga magulang para sa aking kabutihan.





Masaya akong pumapasok sa aming paaralan. Maliit lamang ito subalit libre ang lahat ng pangangailangan. Sinusuportahan ito ng aming komunidad. Tungkulin kong mag-aral nang mabuti upang makatapos ng kursong gusto ko.

Malinis at tahimik ang aking komunidad. Alam kong ligtas akong manirahan dito. Tungkulin kong tumulong sa paglilinis ng kapaligiran nito.





Malaya akong nakapaglalaro sa plasa ng aming komunidad. Ligtas at maraming palaruan ang ipinagawa ng aming kapitan. Tungkulin kong ingatan ang mga kagamitan sa palaruan.

**Sagutin:**

1. Ano-anong karapatan ang tinukoy ng mga bata sa usapan?
2. Ano-ano ang tungkuling dapat gampanan sa bawat karapatan?
3. Sa iyong palagay, tinatamasa ba ng mga bata sa usapan ang mga karapatan sa kanilang komunidad?


4. Ano ang mga karapatang tinatamasa mo sa iyong komunidad?
5. Ano ang tungkuling dapat mong gampanan sa bawat karapatang tinatamasa mo sa iyong komunidad?




**A. Isulat ang karapatang ipinakikita ng larawan. Piliin ang sagot sa loob ng kahon.**


1. Maisilang at mabigyan ng pangalan
2. Magkaroon ng maayos na tahanan
3. Makapaglaro at makapaglibang
4. Magkaroon ng malusog at malakas na pangangatawan
5. Makapamuhay sa isang maayos, malinis at tahimik na pamayanan
6. Makapag-aral

1.




Karapatang___________________________________

2.



Karapatang___________________________________

3. 

Karapatang ___________________________________

**B. Isulat ang + kung ipinatutupad ng komunidad ang mga karapatan nang maayos at –kung hindi.**

1. Maganda ang plasa ng aming komunidad. Maraming mga bata ang ligtas na naglalaro rito tuwing walang pasok sa paaralan.
2. Hindi nag-aaral si Carlo dahil sa kahirapan. Dahil sa libreng edukasyon, tinulungan siya ng isang Kagawad ng Barangay na makapasok sa paaralan.
3. Maraming mga bata ang may angking kakayahan sa pag-awit at pagsayaw sa aming

komunidad. May proyekto ang aming kapitan na paligsahang pangkultural upang malinang ang kakayahang ito.

4. Sa ilalim ng tulay naninirahan ang pamilya nina Robert. Pinagtagpi-tagping kahon at plastikang kanilang bahay.
5. Ang pamilya ni Angelo ay masayang naninirahan sa kanilang komunidad.

**C. Isulatsa papel ang sagot sa tanong na nasa hulihan ng bawat sitwasyon.**

1. Kumakain ng masustansiyang pagkain sa tamang oras ang mga bata. Ano ang epekto nito sa mga bata?

2. Ligtas at maayos na kapaligiran ang kailangang tirahan ng mga bata subalit sa gilid ng kalsada sila nakatira at barong-barong ang kanilang bahay. Ano ang magiging epekto nito sa mga bata?

3. Hindi nakokolekta ang mga basura sa komunidad kaya nagkalat ito sa kalsada. Ano ang magiging epekto nito sa mga naninirahan dito?

**D. Iguhit ang iyong tungkulin sa bawat karapatang nakatala.**

| Karapatan | Tungkulin |
|---|---|
| 1. Karapatang maisilang at mabigyan ng pangalan | |
| 2. Karapatang magkaroon ng pamilyang magmamahal at mag-aalaga | |
| 3. Karapatang makakain ng masustansiyang pagkain | |
| 4. Karapatang makapaglaro at makapaglibang | |
| 5. Karapatang makapag-aral | |
| 6. Karapatang makapamuhay sa isang maayos, malinis at tahimik na komunidad | |

**E. Gumawa ng Liham Pasasalamat sa iyong komunidad sa pagpapatupad ng tinatamasa mong mga karapatan. Buuin ang liham sa ibaba.**

Mahal kong Kapitan,

Maraming salamat sa ____________________

_________________________________________________

_________________________________________________

_________________________________________________

_________________________________________________

_________________________________________________

_________________________________________________

_________________________________________________

_________________________________________________

_________________________________________________

________________________________________________.

Nagmamahal,

____________________

Pangalan




- ✓ **Karapatan** – mga pangangailangang dapat tinatamasa ng isang tao upang makapamuhay siya nang maayos.

- ✓ **Tungkulin** - mga pananagutang dapat gawin ng isang tao katumbas ng mga karapatang kanyang tinatamasa.

- ✓ Mahalagang matamo ng bawat bata ang kanyang mga karapatan upang lumaki siyang maayos at kapaki-pakinabang sa kanyang sarili, pamilya at komunidad.

- ✓ Ang katumbas na tungkulin ng bawat karapatan ay dapat isagawa nang buong puso at may pagkukusa.

- ✓ Dapat pahalagahan ang ginagawang pangangalaga at pagpapatupad ng komunidad sa mga karapatan ng bawat tao.




**Basahin ang bawat pangungusap. Piliin ang letra ng tamang sagot. Isulat sa papel ang sagot.**

1. Si Carlo ay nagkasakit at ipinagamot siya ng kaniyang mga magulang sa ospital. Anong karapatan ang ipinakikita nito**?**
   A. Karapatang Makapag-aral
   B. Karapatang Mabigyan ng Kasuotan
   C. Karapatan sa Pangangalagang Medikal
   D. Karapatang Makapaglaro at Maglibang

2. Alin sa mga sumusunod ang dapat ibigay sa mga bata upang sila ay maging malusog na bata**?**
   A. mga aklat
   B. mga damit
   C. mga laruan
   D. mga masustansiyang pagkain

3. Pangarap ni Jhon na maging matagumpay na pulis pagdating ng araw. Kaya pinapapasok siya ng kanyang mga magulang sa malapit na paaralan sa kanilang lugar. Anong karapatan ito**?**
   A. Karapatang Medikal
   B. Karapatang Makapaglaro
   C. Karapatang Makapag-aral
   D. Karapatang Mabigyan ng Kasuotan

4. Ang bawat karapatan ay may katumbas na_______
   A. pagpapahalaga.
   B. pagsasaayos.
   C. pananagutan.
   D. talino.

5. Ito ay ang mga bagay o mga pangangailangan ng tao na dapat ibigay.
   A. kalusugan
   B. karapatan
   C. edukasyon
   D. kayamanan

Modyul 8

# Ang Aking Papel sa Komunidad






Ang modyul na ito ay naglalamanng mga kaalaman tungkol sa kamalayan,  pag-unawa at pagpapahalaga sa papel at pananagutan na dapat gampanan sa komunidad.

Ito  ay nahahati sa apat na (4) aralin:

Aralin 8.1 –Tungkulin Ko sa AkingKomunidad
Aralin 8.2 –Alituntunin sa Aking Komunidad
Aralin 8.3 –Pagtutulungan sa Aking Komunidad
Aralin 8.4 –Pangarap Kong Komunidad

Sa modyul na ito, inaasahan na maipamamalas ng mga mag-aaral ang:

- pagtukoy ng sariling pananagutan bilang kasapi ng komunidad;
- pagtukoy at pagpapakita ng pagsunod sa mga alituntunin ng komunidad;
- pagtukoy at paglalarawan sa mga gawaing nagpapakita ng pagtutulungan at pakikipagkapwa;

- pagpapakita ng kahalagahan ng sariling papel at tungkulin sa komunidad; at
- pagpapahayag ng sariling pangarap para sa kinabibilangang komunidad at mga dapat isaisip, isapuso at isagawa upang matupad ang pangarap na ito.




## Tungkulin Ko sa Aking Komunidad

Ang mga batang Pilipino ay may mga tungkuling dapatgampananupang sa maging maayos, mapayapa at maunlad ng kanyang komunidad.

Sa araling ito, ang mag-aaral ay inaasahang:

1. matutukoy ang sariling tungkulin bilang kasapi ng komunidad;
2. maipakikita ang tungkuling ito sa iba-ibang aspekto ng buhay sa pamamagitan ng mga malikhaing pamamaraan ng sining; at
3. mailalarawan ang epektong pagtupad at hindi pagtupad ng mga tungkulin sa komunidad.






Ano-ano ang tungkulin natin sa komunidad? Ano ang epekto ng pagtupad sa mga tungkulin sa komunidad?

Ano ang epekto ng hindi pagtupad ng mga tungkulin sa komunidad?

**Basahin:**

## Tungkulin Ko, Gagampanan Ko






Tungkulin nating tumawid sa tamang tawiran at sumunod sa batas trapiko.



Magtapon ng basura sa tamang lalagyan.



Makilahok sa mga programang pangkalinisan at pangkalusugan ng komunidad.



Tumulong sa mga nangangailangan lalo na sa panahon ng kalamidad.

**Sagutin:**

1. Ano-anong tungkulin sa komunidad ang ipinakikita ng mga larawan?
2. Bakit mahalagang isagawa ang mga tungkuling ito sa komunidad?
3. Ano ang mangyayari sa komunidad kung gagawin ang tungkuling nasa larawan?
4. Ano ang mangyayari sa komunidad kung hindi gagawin ang mga tungkuling nasa larawan?




A. **Iguhit ang**  **kung kaya mo nang gawin ang mga nakatalang tungkulin**.

1. Magbayad ng buwis.
2. Magtapon ng basura sa tamang basurahan.
3. Isumbong sa pulis ang mga masasamang tao.
4. Tumawid sa tamang tawiran kahit walang nakatinging pulis-trapiko.
5. Sumali sa kampanya laban sa ipinagbabawal na gamot.
6. Dumalo sa mga pagpupulong na ipinatatawag ng barangay.

7. Tumulong sa pagtatanim ng mga punongkahoy.
8. Pangalagaan ang mga kagamitan sa palaruan ng komunidad.
9. Makilahok sa mga proyekto at programa ng komunidad.
10. Tumulong sa pagdakip ng mga magnanakaw.

**B. Isulat kung ano ang tungkuling dapat isagawa sa bawat sitwasyon.**

1. Namamasyal ka sa palaruan ng iyong komunidad. Nakita mong sinulatan ng mga bata ng pentel pen ang “seesaw.”

2. Nakita mong nagtatapon ng basura sa ilog ang iyong bunsong kapatid. Ano ang gagawin mo?

3. Marami kang nakitang mga nakatambak na bote at dyaryo sa gilid ng kalsada.

4. Nakasulat sa babala ang “Bawal ang Manigarilyo.” Nakita mo na maraming tambay ang naninigarilyo sa tapat ng babala.

5. Nagwawalis ng bakuran ang kapatid mo. Inipon ang mga dahon ng puno at sinunog.

**C. Iguhit sa papel ang maaaring maging epekto ng pagtupad at di pagtupad sa tungkulin.**

1. Maraming nagmimina sa bundok ng iyong komunidad na walang pahintulot ang pamahalaan. Ano ang maaaring mangyari sa komunidad?

2. Malinis ang kapaligiran at disiplinado ang mga tao sa iyong komunidad. Ano kaya ang magiging epekto nito?


**D. Iguhit sa papel ang tungkulin mo sa pangangalaga sa kapaligiran ng iyong komunidad.**




- May mga tungkulin na dapat gampanan ang bawat isa upang maging maayos, payapa at maunlad ang ating komunidad.




**Kopyahin ang katulad na organizer sa Sagutang Papel.Isulat sa kahon ang mga tungkulin mo sa iyong komunidad.**






# Mga Alituntunin sa Komunidad

May mga alintuntunin kang dapat tuparin sa komunidad. Dapat mong malaman ang kahalagahan nito sa lahat ng mamamayan.

Sa araling ito, ang mag-aaral ay inaasahang:

1. matutukoy ang mga alituntunin sa sariling komunidad;
2. makapagbibigay ng mga halimbawa ng pagtupad at paglabag sa mga alituntuning ito;
3. maihahambing ang epekto sa pamilya at sa komunidad ng pagsunod at paglabag sa mga alituntunin; at
4. maisasabuhay ang mga alituntuning ipinatutupad sa sariling komunidad.




Ano-ano ang alituntunin sa iyong komunidad?

Ano ang nakikita mong halimbawa ng pagtupad at paglabag sa mga alituntunin ng iyong komunidad ?

**Basahin:**

**Alituntunin sa Komunidad**

Ang bawat komunidad, ay may mga alituntuning ipinatutupad sa lahat ng nasasakupan. Gumagawa ang pamahalaang barangay ng mga ordinansa upang maging matibay ang pagpapatupad ng mga ito.

Narito ang ilang halimbawa:

**Ordinansa Bilang 001, Taon, 2012**

Bawal ang paninigarilyo sa loob ng mga pampublikong lugar tulad ng sasakyan, tanggapan at pamilihan.

**Ordinansa Bilang 002, Taon, 2012**

Bawal ang magtayo ng mga pook-aliwan tulad ng pasugalan, inuman, sinehan at video karera na malapit sa paaralan.

**Ordinansa Bilang 003, Taon, 2012**

Bawal sa magtapon ng basura sa mga kalye, kanal, ilog at dagat.

**Ordinansa Bilang 004, Taon, 2012**

Bawal sa tumawid sa hindi tamang tawiran o hindi "pedestrian lane."

**Ordinansa Bilang 005, Taon, 2012**

Bumaba at sumakay sa mga sasakyan sa tamang lugar lamang.

**Ordinansa Bilang 006, Taon, 2012**

Bawal sa magsulat sa mga pader at sirain ang mga "sign board."

**Ordinansa Bilang 007, Taon, 2012**

Bawal sa umihi sa mga bakod at pader ng mga gusali.

**Ordinansa Bilang 008, Taon, 2012**

Bawal sa mga batang 18 taong gulang - pababa ang maglakad sa kalye simula 10:00 ng gabi hanggang 4:00 ng umaga.

**Sagutin:**


1. Aling ordinansa o alituntuning nabanggit ang may magandang epekto sa sumusunod:
    - kalusugan ng mga tao sa komunidad?
    - kaligtasan ng mga tao?
    - kalinisan ng komunidad?

2. Ano pang alituntunin sa iyong komunidad ang wala sa mga nakasaad sa itaas?




**Piliin ang bilang ng larawang nagpapakita ng paglabag sa mga alituntunin ng komunidad. Isulat sa papel ang letra ng tamang sagot.**

1. 

2. 

3. 

4. 

**A. Kopyahin ang graphic organizer sa papel o kartolina. Isulat ang sagot sa tanong.**

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **Ano ang epekto sa pamilya kung tinutupad ang alituntunin?** | ← | Pagbabawal sa mga batang 18 taong gulang - pababa ng paglalakad sa kalye simula 10:00 ng gabi hanggang 4:00 ng umaga. | → | **Ano ang epekto sa pamilya kung hindi tinutupad ang alituntunin?** |

| **Ano ang epekto sa komunidad kung tinutupad ang alituntunin?** | ← | Pagbabawal sa pagtatapon ng basura sa mga kalye, kanal, ilog at dagat. | → | **Ano ang epekto sa komunidad kung hindi tinutupad ang alituntunin?** |
|---|---|---|---|---|

**B. Pumili ng isa sa mga alituntunin ng komunidad sa itaas. Isulat ito sa loob ng kahon. Iguhit sa ibaba nito ang iyong sarili habang tinutupad ang alituntuning ito. Lagyan ng angkop na kulay.**

| **Alituntunin:** |
|---|
| |




- ✓ Ang ordinansa ay mga alituntunin at kautusan o batas na ginagawa ng Sangguniang Barangay. Ito ay ipinatutupad para sa ikabubuti ng buong komunidad.




**Isulat ang TAMA kung wasto ang ipinahahayag ng pangungusap at MALI kung hindi.**

1. Ang mga bata ay maaari nang makatulong sa pagtupad ng alituntunin sa komunidad.

2. Ipinagbabawal ang paggamit ng mga sasakyang nagbubuga ng maitim na usok.

3. Dapat suportahan ang mga ordinansang ipinatutupad sa komunidad.

4. Magtapon ng basura kahit saan kung walang nakalagay na basurahan.

5. Magpatugtog nang malakas kung nasa pook-ospital upang maging masigla ang mga pasyente.

6. Maaaring pumitas ng mga magagandang bulaklak sa pook pasyalan upang dalhin sa simbahan.

7. Ang mga babala ay isinusulat sa pader o dingding ng mga gusali upang mabasa ng mga tao sa komunidad.

8. Umuwi sa tamang oras pagkagaling sa trabaho o eskwela.

9. Panatilihing nakatali ang mga alagang hayop upang hindi makasira ng pananim sa bakuran ng iba.

10. Ipinagbabawal ang pagsasakay nang labis sa itinakdang bilang na mga upuan ng mga pasahero sa pampublikong sasakyan.

Aralin 8.3

# Pagtutulungan sa Aking Komunidad

Ang pagtutulungan ay nagbubuklod sa mga tao sa komunidad. Nagiging daan ito tungo sa pagkakaisa. Ang pagtutulungan ay lubhang mahalaga sa panahon ng kagipitan at kalamidad. Dapat nauunawaan ng bawat kasapi ng komunidad ang kahalagahan nito.

Sa araling ito, ang mag-aaral ay inaasahang:

1. mailalarawan ang mga gawain sa komunidad na nagpapakita ng pagtutulungan;
2. matutukoy ang kahalagahan ng pagtutulungan at pakikipagkapwa sa paglutas ng mga problema sa komunidad;
3. mailalarawan ang kahalagahan ng pagtutulungan ng babae at lalaki sa mga gawaing pangkomunidad;
4. makalalahok sa mga gawaing pangkomunidad para sa ikabubuti ng lahat; at
5. makapagsasaliksik ng kuwento tungkol sa huwarang kasapi ng komunidad.




Ano-ano ang gawain sa komunidad na nagpapakita ng pagtutulungan?

Bakit mahalaga ang pagtutulungan sa paglutas ng mga suliranin sa komunidad at mga gawaing pangkomunidad?

**Basahin:**

## Tulong-tulong sa Komunidad

Ito ang komunidad ni Ramon.



Marumi at magulo ang paligid. Tambak ang basura sa mga gilid ng daan at barado ang mga kanal.


Isang araw, nagkaroon ng bagyo. Mabilis ang pagbaha sa buong komunidad dahil sa mga baradong kanal at tambak na basura. Marami ang nagkasakit lalo na ang mga bata.

Pagkalipas ng bagyo, nangamba ang Kapitan ng Barangay sa mga pangyayaring ito. Nagpatawag siya ng pagpupulong upang malunasan ang mga suliraning ito.

Ang lahat ng tao, babae man o lalaki, bata at matanda ay nagtulong-tulong sa paglilinis ng buong komunidad. Ang mga babae at lalaki ay magkatulong sa paglilinis ng kanal. Ang mga bata ay nagwalis at naghukay ng tapunan ng mga basura.

Maganda ang naging bunga ng pagkakaisa at pagtutulungan ng bawat kasapi ng komunidad. Tunay na mahalaga ang pagtutulungan sa paglutas ng problema sa isang komunidad.

Ito na ngayon ang komunidad ni Ramon.




**Sagutin:**

1. Ano ang suliranin sa komunidad ni Ramon?
2. Ano ang nangyari sa kaniyang komunidad?
3. Ano ang ginawa upang matugunan ang suliranin ng komunidad?
4. Ano ang kinalabasan ng pagtutulungan ng bawat kasapi ng komunidad?




**A. Iguhit sa papel ang nakikita mong pagtutulungan sa iyong komunidad. Lagyan ng angkop na kulay. Sumulat ng 2 pangungusap na naglalarawan sa iyong iginuhit.**

**B. Basahin ang sitwasyon. Pumili ng isang sitwasyon. Pag-usapan kung anong tulong ang magagawa ninyo. Ipakita sa pamamagitan ng "role play." Isagawa ng pangkatan.**

1. Isa ang iyong komunidad sa nasalanta ng bagyong Pablo. Nagkataon na hindi kayo naapektuhan ng baha dahil nasa mataas na lugar ang inyong bahay. Marami ang walang maisuot at makain dahil sa pagkawasak ng kanilang mga bahay.

2. Nasunugan ang isa ninyong kapitbahay. Walang silang natirang kagamitan.

3. Malapit na ang kapistahan ng iyong komunidad. Nagpatawag ang Kapitan ng Barangay ng pagpupulong. Pinag-usapan ang gagawing paghahanda sa nasabing okasyon.

**C. Piliin ang pangungusap na naglalarawan sa kahalagahan ng pagtutulungan ng babae at lalaki sa mga gawain. Isulat sa papel ang bilang ng napiling pangungusap.**

1. Nanalo sa paligsahan ng pinakamalinis na komunidad dahil sa pagkakaisa at pagtutulungan ng bawat isa.
2. Naging maaliwalas at malamig ang paligid sa komunidad dahil sa mga punong itinanim ng mga babae at lalaking iskawt.
3. Mabilis ang daloy ng trapiko dahil sa pagtutulungan ng mga pulis.
4. Maayos ang kinalabasan ng ginawang entablado para sa programang gaganapin sa komunidad.
5. Naramdaman ang diwa ng pasko dahil sa mga parol at ilaw na ikinabit ng mga kabataang lalaki at babae.




- ✓ Ang anumang mabigat na gawain at suliranin ay mapapagaan kung may pagtutulungan at pagkakaisa ang bawat kasapi ng komunidad.
- ✓ Mahalaga ang pagtutulungan ng mga babae at lalaki sa pagkakabuklod-buklod ng mga tao lalo na sa panahong kailangan ng tulong ang kapwa.




**Iguhit ang**  **kung nagpapakita ngpagtutulungan sa komunidad at**  **kung hindi.**

1. Nagtutulungan ang mga kabataan sa pagdidilig ng halaman sa plasa.

2. Madaling natapos ang pagdekorasyon sa entablado ng plasa dahil sa pagtutulungan ng mga babae at lalaking iskawt.
3. Isinasara ko ang gripo pagkatapos kong maligo.
4. Naglilinis ng kani-kanilang bakuran ang mga tao.
5. Ang mga batang babae at lalaki ay naglilinis ng silid- aralan.
6. Ang mga pulis ay makikitang naglilinis ng paaralan tuwing may Brigada Eskuwela.
7. Nagkakabit ng mga parol at banderetas ang mga Barangay Health Worker at mga kabataan.
8. Nagsasagawa ng bayanihan ang mga tao sa pamamahagi ng pagkain sa mga biktima ng lindol.
9. Ang mga nanay at tatay at nagluluto ng lugaw na may malunggay para sa mga batang kulang sa timbang.
10. Si Ate at Kuya ay naglalaba sa ilog.




# Ang Pangarap Kong Komunidad

Sa buong taon ng pag-aaral sa asignaturang ito, nakilala mo nang lubusan ang iyong komunidad. Ang mga batayang impormasyon nito, ang pinagmulan, katangiang pisikal at ang kabuuang konsepto ng komunidad ay pinag-usapan. Tinalakay ang tungkulin mo at pananagutan sa iyong komunidad. Kabilang din ang pagpapahalaga sa pamumuno ng lahat ng bumubuo sa isang komunidad. Bilang pagtatapos, hangad ng araling ito na mailarawan mo ang pangarap mong komunidad.

Sa araling ito, ang mag-aaral ay inaasahang:

1. maipahahayag ang pangarap na komunidad sa pamamagitan ng iba-ibang malikhaing sining;

2. masasabi ang mga dapat isaisip, isapuso at isagawa upang matupad ang pangarap na komunidad.




Ano ang pangarap mong komunidad?

Ano ang dapat mong isaisip, isapuso at isagawa upang matupad ang iyong pangarap na komunidad?


**Basahin:**

## Usapang Pangarap


Nag-uusap ang magkaibigang Joseph at Sarah sa may palaruan ng paaralan.

Kaibigang Joseph, ano ang pangarap mong komunidad?

Ang pangarap ko ay isang masaya at maunlad na komunidad.




Ito naman ang pangarap kong komunidad.


KOMUNIDAD

Malinis na kapaligiran. Nasa tamang kaayusan ang mga gusali at panahanan. May pagtutulungan ang mga tao rito at may pagkakaisa. Mahusay at tapat sa tungkulin ang mga pinuno. Isang modelong komunidad para sa batang katulad ko.

Ano ang dapat mong isa-isip, isapuso at isagawa upang matupad ang iyong pangarap na komunidad?






Dapat nating panatilihin ang magagandang kaugaliang ipinamana sa atin ng ating mga magulang tulad ng pagiging masipag, may pagsisikap at maging mabuting tao. Mag-aaral tayong mabuti upang lumaki tayong may karunungan.

**Sagutin:**

1. Ano ang pangarap na komunidad nina Joseph at Sarah?
2. Paano nila matutupad ang kanilang pangarap na komunidad?




**A. Gumupit ng larawan ng mga bagay, estruktura at lugar na gusto mo para sa pangarap mong komunidad. Idikit sa katulad na spider web sa ibaba. Ipaliwanag kung bakit ang mga ito ang iyong pinili.**



**B. Pumili ng isang larawan na naaayon sa pangarap mong komunidad. Sumulat ng 1-2 pangungusap kung bakit pinili ito.**


A




B



C



D






- ✓ Ang bawat bata ay may pangarap na komunidad.
- ✓ Pangarap ng bawat tao ang komunidad na maunlad, malinis, masaya at may pagtutulungan.
- ✓ Maraming mga bagay na dapat isaisip at isagawa upang matupad ang pangarap na komunidad.
- ✓ Ang mga magagandang kaugalian tulad ng pagiging masipag sa pag-aaral, matiyaga at masunurin ay ilan lamang sa mga kaugaliang dapat taglayin upang matupad ang pangarap na komunidad.




**Pumili ng isang pangungusap na nagpapahayag ng pangarap mong komunidad. Ipaliwanag ang sagot.**

1. Komunidad na may malawak at magandang palaruan, maraming tao ang namamasyal at maraming bata ang naglalaro.
2. Komunidad na may malalaking pamilihan, mga magagarang sasakyan at malaking paaralan.
3. Komunidad na tahimik ngunit maunlad, may disiplina at pagtutulungan ang mga tao, may hanapbuhay at may mataas na uri ng pamumuno ang mga bumubuo nito.
4. Komunidad na naliligiran ng tubig upang magkaroon nang mabuting hanapbuhay ang mga naninirahan dito tulad ng turismo, pangisdaan at iba pa.
5. Komunidad na nasa lungsod kung saan maunlad ang pamumuhay. Maraming magagandang gusali, sasakyan, pasyalan, pamilihan at iba pa.



## Ikaapat na Markahang Pagsusulit

**I. Hanapin sa Hanay B ang kaugnay na karapatan. Isulat ang letra ng tamang sagot.**

| A | B |
|---|---|
| 1. Laging sinasaktan si Rosa ng Tatay niya. Nagsumbong siya sa pulis.<br>2. Si Lina ay nag-aaral sa ikalawang baitang.<br>3. Masayang naglalaro ang mga bata sa palaruan.<br>4. Iba-iba ang relihiyon ng mga bata sa kanilang paaralan.<br>5. Nagpunta sa Health Center si Mila upang magpabakuna. | A. Karapatang maging malusog<br>B. Karapatang makapag-aral<br>C. Karapatang makapamili ng relihiyon<br>D. Karapatang makapaglibang<br>E. Karapatang maproteksiyunan laban sa pang-aabuso<br>F. Karapatang isilang |

**II. Hanapin sa kahon ang bumubuo ng komunidad na tumutugon sa karapatang nasa larawan. Isulat ang letra ng sagot sa Sagutang Papel.**

A. Tahanan
B. Paaralan
C. Simbahan
D. Health Center
E. Pamahalaan

1. 

2. 


3.



4.



5.



**III. Piliin ang tamang sagot. Isulat ang letra ng sagot sa Sagutang Papel.**

1. Alin sa sumusunod ang nagpapakita ng tungkulin sa paaralan?
   A. sinusunod ang mga kautusan sa paaralan
   B. nagwawalis ng bakuran ng paaralan
   C. nagmamano o humahalik sa guro
   D. lahat nang nabanggit

2. Ano ang tawag sa ginagawa/ginagampanan ng isang tao bilang katumbas ng mga karapatang kanyang tinatamasa?
   A. pangarap
   B. karapatan
   C. tungkulin
   D. alituntunin

3. Saan ipinatutupad ang mga ordinansa na ginagawa ng Sangguniang Barangay?
   A. sa komunidad na may kaguluhan
   B. sa komunidad na malayo sa bayan
   C. sa komunidad na malapit sa bayan
   D. sa komunidad kung saan ito ginawa

4. Ano ang tawag sa mga alituntunin at kautusan o batas na ginagawa ng Sangguniang Barangay?
   A. batas
   B. alituntunin
   C. ordinansa
   D. kasunduan

5. Ang pagbabawal sa paninigarilyo sa loob ng mga pampublikong lugar tulad ng sasakyan, tanggapan at pamilihan ay halimbawa ng _________

   A. tungkulin. C. serbisyo.

   B. pangarap. D. alituntunin.

**IV. Isulat kung <u>Wasto</u> o <u>Mali</u> ang mga pangungusap. Isulat ang sagot sa Sagutang Papel.**

1. Ang pagtutulungan at pakikipagkapwa ay kinakailangan ng isang komunidad sa paglutas ng mga problema.
2. Ang pagtutulungan ay mahalaga sa panahon ng kagipitan at kalamidad.
3. Mahalaga ang pagtutulungan ng mga babae at lalaki upang magkaisa ang mga tao sa panahon ng kagipitan.
4. Maaaring lumaki ang isang bata nang maayos at kapaki-pakinabang sa kanyang sarili, pamilya at komunidad kahit hindi niya natatamo ang karapatan niya.
5. Ang anumang mabigat na gawain at suliranin ay mapapagaan kahit hindi nagtutulungan at nagkakaisa ang bawat kasapi ng komunidad.

**V. Sumulat ng 3-4 na pangungusap na naglalarawan sa pangarap mong komunidad.**

**Binabati kita sa pagtatapos ng mga aralin sa Araling Panlipunan-Baitang 2.**